

Small-Business Guide

WASHINGTON STATE



CLOSE **GROW** **RUN** **OPEN** **PAYROLL** **START** **PLAN**



Mga Tanong o Komento

Tanggapan ng Gobernador para sa Panregulasyong Pagbabago at Tulong

Sentro para sa Impormasyon

Para ma-access ang pinakabagong bersyon ng dokumentong ito sa elektronikong paraan, bisitahin ang: <http://business.wa.gov>

Para makuha ang dokumentong ito sa alternatibong format, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Gobernador para sa Panregulasyong Pagbabago at Tulong - Sentro para sa Impormasyon.

Talaan ng Mga Nilalaman

PLAN your business.....	2
Are you considering starting a business?	2
First, ask yourself – “Why Start a Business”	2
Business training.....	4
Business planning	4
1. Mission & vision statements	5
2. Business description	5
3. Market analysis.....	10
4. Marketing plan	10
5. Operations plan.....	11
6. Personnel plan	12
7. Financing plan.....	14
8. Need assistance?.....	18
START your business.....	21
1. Have you prepared your business plan?.....	21
2. Are you buying an existing business?.....	21
3. Choose a business structure.....	22
4. Determine your business name	27
5. If selecting a corporation or LLC structure, get registered	28
6. Determine your business location.....	29
7. Get your federal tax number and consider federal tax filing options (LLCs and corporations)	29
8. Obtain required licenses and permits.....	30
9. Set up your operations	33
10. Hire employees.....	34
11. Open your doors.....	37
12. Need assistance?.....	37
PAYROLL your business	39
1. What is payroll?	39
2. Do I need a payroll?.....	39
3. Can I handle payroll myself, or do I need a professional?	40
4. What payroll reporting and tax responsibilities do employers have?	41

Federal income taxes – employee paid.....	43
Federal Social Security and Medicare taxes – employee and employer paid.....	44
Federal Unemployment Taxes (FUTA) – employer paid.....	45
Federal Wage and Tax Statement (Form W-2) and Transmittal (Form W-3)	45
Paid Family and Medical Leave – employee and employer paid	45
State Unemployment Taxes (SUTA) – employer paid.....	46
State workers’ compensation insurance premiums – employer and employee paid	47
Do you have employees based out of Washington State?.....	48
5. What payroll records do I need to create and keep?	48
6. What payroll records do I need to create to give my employees?.....	49
7. What do I need to have in place before issuing pay checks?.....	50
8. What else do I need to know about paying employees?	51
9. How can I estimate payroll costs?	53
10. What other responsibilities do I have as an employer?.....	54
11. Need assistance?.....	54
OPEN your business	57
Is your out-of-state business planning to operate in Washington?	57
1. Are you buying an existing Washington business?	57
2. Foreign (non-Washington) registration - corporations and limited liability companies	58
3. Obtain required licenses and permits.....	58
4. Hire employees in Washington.....	61
5. File required reports and taxes.....	64
State business taxes:.....	64
Local business taxes:.....	66
State employment taxes:	67
License and Permit Renewals:.....	68
6. Understand and comply with other Washington regulations	68
State.....	68
Local.....	69

7. Growing in Washington	70
8. Need assistance?.....	70
RUN your business	72
Run your business.....	72
1. Federal business income taxes	72
2. State business taxes.....	75
3. Local business taxes.....	76
Cities & towns.....	76
Counties	77
Personal property tax.....	77
4. Federal employment taxes.....	77
5. State employment taxes	78
6. Annual report, license and permit renewals.....	79
7. Regulatory compliance.....	80
Federal	81
State.....	81
Local.....	82
8. Prepare for the unexpected.....	83
9. Need assistance?.....	84
GROW your business	86
Do you want to expand your business?	86
1. Money	86
Loans:	86
Business loans typically require the "5Cs":.....	87
Business Lenders:.....	88
2. Employees	89
3. New locations	92
4. New markets.....	93
5. Regulatory compliance.....	96
6. We wish you success!.....	96
7. Need assistance?.....	96

CLOSE your business.....	99
Do you want to close your business?	99
1. Seek legal advice	100
2. Notify regulatory agencies.....	101
Federal	101
State.....	101
Local.....	104
3. Notify other interested parties	104
4. Closure of business due to death.....	105
Liquor and Cannabis Board (LCB):.....	105
Department of Revenue (DOR) – Business Licensing Services (BLS) Taxes:	106
Department of Labor and Industries (L&I):.....	106
Employment Security Department (ESD):.....	107
Secretary of State	107
Department of Licensing (DOL).....	107
5. Need assistance?.....	111

PLANUHIN



ang iyong negosyo

CLOSE GROW RUN OPEN PAYROLL START



PLANUWIN ang iyong negosyo



Pinag-iisipan mo bang magsimula ng negosyo?

Isang malaking desisyon ang pagsisimula ng negosyo. Kung hindi ka pa nagiging may-ari ng negosyo, maaaring hindi mo pa alam ang lahat ng bagay na kailangan mong gawin para mapatakbo ang iyong negosyo. Pinapapahusay ng maingat na pagpapalano at pagsasaliksik ang iyong mga pagkakataong magtagumpay.

Una, tanungin ang iyong sarili - “Bakit Magsisimula ng Negosyo”

Makakatulong ang pagtatanong at pagsagot sa tanong na ito na mabalangkas ang iyong pagganyak para sa lahat ng kailangan mong gawin at matutong magsimula ng negosyo. Hindi para sa lahat ang pagiging negosyante. Sa negosyo, walang garantiya. Walang paraan para maalís ang lahat ng panganib. Kailangan ng espesyal na taong may matibay na pangako at partikular na mga kasanayan para maging matagumpay bilang negosyante. Mahalagang bahagi ng paghahanda sa iyong sarili para sa pangako at gawaing pantrabaho na kinakailangan para maging matagumpay ang pag-unawa sa kung ano ang kinakailangan para maging negosyante.

Handa ka na bang magsimula ng sarili mong negosyo? IMay dalawang tool na makakatulong sa iyong mas maunawaan ang iyong kahandaan para sa pagsisimula ng maliit na negosyo. Hindi ito siyentipikong pagtatasa. Sa halip, magbibigay ito sa iyo ng mga tanong at tutulong sa iyo sa pagsusuri ng iyong mga kakayahan, katangian at karanasan – dahil nauugnay ang mga ito sa iyong kahandaan para sa pagsisimula ng negosyo. Ang isang tool ay magbibigay ng mga video at ang pangalawang tool ay checklist na ginagamit na pinaka-akma sa iyong istilong matuto.

- [Entrepreneur Academy](#)
- [Checklist sa Pagnenegosyo](#)

Mayroon ding mahusay na maikling babasahin na ibinibigay ng Departamento ng Komersyo ng Estado ng Washington na may mga karagdagang tool sa pagtatasa.

- [Bago Magsimula](#)
- [Pagkokondisyon Sa Sarili](#)
- [Mga Nagpapabago ng Isip](#)





Pagsasanay sa negosyo

Hindi mo kailangan ng degree sa negosyo para magsimula nito, ngunit ang kaalaman ay kapangyarihan. Mahusay na paraan para makakuha ng kaalaman na kakailanganin mo para maging matagumpay ang pagpasok sa mga klase at pagdalo sa mga workshop.

Mga Oportunidad sa Pagsasanay:

- [Mga Workshop sa Maliit na Negosyo \(SBRR\)](#)
- [Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo](#)
- [SCORE](#)
- [Sentro ng Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo](#)
- [Business Impact NW](#)
- [Sentro para sa Kababaihan sa Negosyo ng Washington](#)
- [Sentro ng Pagtulong sa Negosyo para sa Mga Beterano](#)
- Pagsasanay sa negosyo - [Career Bridge](#)
- [Mga oportunidad sa pagsasanay ng gobyerno](#)
- [Ang iyong lokal na kolehiyo sa komunidad](#)
- [Ang iyong lokal na kamara sa komersyo](#)
- [Ang iyong lokal na organisasyon sa pagpapaunlad ng ekonomiya](#)

Pagpapalano ng negosyo

Ang pagsulat ng komprehensibong plano sa negosyo ang unang hakbang sa pagsisimula ng negosyo. Ang iyong plano sa negosyo ay:

- Gagabay sa iyo habang ginagawa mong katotohanan ang iyong negosyo.
- Tutulong sa iyo na maiwasan ang mga magastos na pagkakamali.
- Tutulong sa iyo sa paghahanda sa pananalapi, kung plano mong pondohan ang iyong negosyo o kumuha ng panlabas na pagpopondo.
- Magbibigay ng kumpiyansa sa iba na maaaring may interes sa iyong negosyo, tulad ng mga kasosyo, mamumuhunan, landlord, at supplier.

Ang pinakamahalagang bahagi ng pagsusulat ng plano sa negosyo ay ang edukasyong makukuha mo sa pamamagitan ng pagsasaliksik at pagsulat nito. Bagama't maaaring nakakaakit na kumuha ng tao para ihanda ang iyong plano o bumili ng off-the-shelf na plano para sa iyong uri ng negosyo, mas makabubuti sa iyo na ikaw mismo ang gagawa nito. Hindi ito nangangahulugang dapat mong gawin ito nang mag-isa. Makabubuting makipagtulungan sa mga tagapagturo, kasangguni, o tagapayo sa buong proseso.



Makakatipid ka ng maraming oras at pagod sa kanilang patnubay. Nasa ibaba ang listahan ng mga organisasyong makakatulong sa iyo sa pagbuo ng iyong plano.

- [Departamento ng Commerce Mystartup365.com](https://www.commerce.mystartup365.com)
- [Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo ng U.S.](https://www.sba.gov)
- [SCORE](https://www.score.org)
- [Business Impact NW](https://www.businessimpactnw.org)
- [Sentro para sa Kababaihan sa Negosyo ng Washington](https://www.wa.gov)
- [Sentro ng Pagpapaunlad sa Maliit na Negosyo ng Washington](https://www.wa.gov) (makipag-ugnayan pagkatapos mong magkaroon ng draft sa plano)
- [Komunidad taga-ugnay sa Negosyo \(King County\)](https://www.kingcounty.gov)
- [Samahan ng Microenterprise ng Estado ng Washington Evergreen BizLink \(mga provider ng teknikal na suporta sa buong estado\)](https://www.wa.gov)

Kasama sa karaniwang plano sa negosyo ang mga sumusunod:

1. Mga pahayag ng misyon at bisyon

Ang pahayag ng misyon ay maikling paglalarawan ng iyong ginagawa. Nakakatulong ito sa iyo at sa mga nakikipagtulungan sa iyo na manatiling nakatuon sa kung ano ang mahalaga. Sinasagot ng pahayag sa bisyon ang tanong na “Ano ang gusto nating maging?” Nagbibigay ito sa iyo ng direksyon habang gumagawa ka ng mga desisyong makakaapekto sa kinabukasan ng iyong negosyo.

2. Paglalarawan ng negosyo

Nagbibigay ang paglalarawan ng iyong negosyo ng “sino, ano, kailan, saan” ng iyong negosyo, kabilang ang uri ng estruktura ng negosyo, petsa ng pagsisimula, at lokasyon.

Isasama sa seksyong ito ang estruktura ng iyong negosyo. Ang negosyo ay isang legal na entidad o sole proprietorship. Maaari itong magmay-ari ng ari-arian, magkaroon ng mga account sa bangko at kinakailangang magbayad ng buwis. May iba’t ibang uri ng mga entidad ng negosyo, na may mga natatanging benepisyo at limitasyon ang bawat isa.

Nakasalalay sa iyong mga interes at pangangailangan ang “tamang” pagpipili. Kakailanganin mo ng mahusay na payo para maunawaan ang iyong mga obligasyon tungkol sa iyong negosyo. Kilalanin ang mga opsyon sa estruktura ng negosyo at



talakayin ang mga ito sa iyong mga tagapayo para matukoy kung alin ang pinakamainam para sa iyo. Maghanap ng mga tagapayo sa [batas](#), [buwis](#) at negosyo ([SCORE](#), [Mga Sentro ng Pagpapaunlad sa Maliit na Negosyo](#)). Kinabibilangan ng mga bagay na dapat isaalang-alang kapag gumagawa ng iyong desisyon ang:

- Bilang ng mga may-ari ngayon at sa hinaharap.
- Mga uri ng may-ari - tulad ng mga indibidwal o entidad (mga korporasyon, trust, atbp.).
- Mga alalahanin sa pananagutan.
- Mga implikasyon ng pederal na buwis - [Serbisyo sa Rentas Internas \(Internal Revenue Service, IRS\)](#).
- Mga kinakailangan at gastos sa pagpaparehistro at paghahain ng buwis.
- Mga pagsasaalang-alang sa papeles at pamamahala ng entidad.

Ang Mga Sole Proprietorship ay pagmamay-ari ng iisang tao o ng mag-asawa. Hindi magastos buuin ang mga negosyong ito at walang espesyal na kinakailangan ang mga ito sa pag-uulat. Personal na responsable (may pananagutan) ang may-ari para sa lahat ng utang sa negosyo at pederal na buwis.

Napakasikat ng **Mga Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Companies, LLCs)**. May limitadong legal na pananagutan ang negosyo tulad ng isang korporasyon ngunit mas kaunti ang mga kinakailangan nito sa pamamahala. Tinatawag na “mga miyembro” ang mga may-ari ng LLC. Nangangailangan ng paghahain sa [Kalihim ng Estado](#) ng Washington ang pagbuo ng LLC. Para sa mga pederal na buwis, karaniwang itinuturing ang mga LLC na mga sole proprietorship kung isa lang ang may-ari, o tulad ng mga pakikipagsosyo kung mayroong higit sa isang may-ari. Gayunpaman, sa pamamagitan ng paghahain ng [form ng pagpili ng klasipikasyon ng entidad](#) sa IRS, maaaring ituring ang mga LLC na parang mga korporasyon para sa mga layunin ng pederal na buwis. Bagama’t hindi kinakailangan, dapat gawin sa tulong ng kwalipikadong propesyonal sa batas ang pagbuo ng LLC. Bukod sa iba pang kinakailangan, dapat gumawa ang mga LLC ng dokumento ng pamamahala na tinatawag na Kasunduan sa Pagpapatakbo (Operating Agreement). Tandaan: hindi itinatala ng Kalihim ng Estado ang dokumentong ito. Tingnan ang Small Business Administration, pangkalahatang-ideya ng kasama sa [Kasunduan sa Pagpapatakbo](#). Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na aklaan para magbigay ng ilang halimbawa ng blangkong kasunduan sa pagpapatakbo nang walang bayad.



Ang **Mga Pangkalahatang Pakikipagsosyo (General Partnerships)** ay parang mga sole proprietorship na may higit sa isang may-ari. Nakikibahagi ang mga kasosyo sa mga tungkulin sa pangangasiwa, kinita at pagkalugi, at personal na responsable (may pananagutan) ang bawat isa para sa lahat ng utang ng negosyo. Dahil maaaring magresulta sa personal na pananagutan para sa iba ang mga aksyon ng isang kasosyo, hindi naging gaanong popular ang mga pakikipagsosyo dahil nariyan ang mga LLC. Para sa mga layunin ng pederal na buwis, kinakailangang maghain ng negosyo ng pagbabalik ng [pakikipagsosyo](#), na mapupunta ang kita o pagkalugi sa bawat kasosyo batay sa kung gaano kalaki ang pagmamay-ari ng bawat isa sa negosyo.

Ang **Mga Korporasyon** ay mga estrukturang higit na komplikado kaysa sa iba. Tulad ng mga LLC, may limitadong legal na pananagutan ang mga korporasyon. Para bumuo ng korporasyon, dapat kang maghain sa [Kalihim ng Estado](#) ng Washington at dapat kang gumawa ng dokumento ng pamamahala – na, sa kasong ito, mga regulasyon. Ang mga regulasyon (tinatawag na mga resolusyon para sa mga nonprofit) ay ang internal na mga dokumento ng pamamahala ng isang korporasyon. Tinutukoy ng mga ito kung paano ginagawa ang mga pangunahing desisyon sa negosyo, pati rin ang mga tungkulin, kapangyarihan, at mga responsibilidad ng opisyal at mga shareholder. Inirerekomenda ito nang malawakan para gumawa ng isa para protektahan ang iyong sarili at negosyo mo, kahit hindi ito inuutos ng iyong estado. Mayroon ding iba pang kinakailangan ang mga korporasyon, tulad ng pag-isyu ng mga sertipiko ng stock, pagdaraos ng mga taunang pagpupulong at pagtatala ng mga tinalakay, paghahalal ng mga direktor, atbp. Tinatawag na “mga shareholder” o “mga stockholder” ang mga may-ari ng korporasyon. Ang mga nagtatrabahong may-ari ng mga korporasyon ay mga empleyado at dapat may pederal na mga buwis sa payroll na kinukuha at iniuulat katulad ng ibang empleyado. Naghahain ang [Mga Korporasyon](#) ng pederal na pagbabayad ng buwis ng korporasyon (federal corporate tax return) sa IRS. Kung kwalipikado at nag-apply sa tamang oras, maaaring piliin ng mga korporasyon ang pass-through na pagbubuwis (“[S-Corporation](#)”). Bagama’t hindi kinakailangan, dapat gawin sa tulong ng kwalipikadong propesyonal sa batas ang pagbuo ng korporasyon.

Ang **Mga Limitadong Pakikipagsosyo** (Limited Partnership, LP) ay hindi masyadong madalas na ginagamit para sa maliliit na negosyo, bagama’t karaniwan ang mga ito para sa pagmamay-ari ng real estate. Binubuo ang Mga LP ng isa o higit pang pangkalahatang kasosyo at isa o higit pang limitadong kasosyo. Pinamamahalaan ng mga pangkalahatang kasosyo ang entidad at ganap na nakikibahagi ang mga ito sa



mga kinita at pagkalugi nito. Para maprotektahan ang kanilang sarili mula sa pananagutan, kadalasang mga korporasyon o LLC sa halip na mga indibidwal ang mga pangkalahatang kasosyo. Nakikibahagi ang mga limitadong kasosyo sa mga kinita ng negosyo, ngunit limitado sa saklaw ng kanilang pamumuhunan ang kanilang mga pagkalugi. Karaniwang hindi kasali sa pang-araw-araw na operasyon ng entidad ang mga limitadong kasosyo. Kumuha ng legal na payo bago pumili ng estruktura ng LP para sa iyong negosyo. Tulad ng mga LLC at korporasyon, nangangailangan ng paghahain sa [Kalihim ng Estado](#) ng Washington ang pagbuo ng LP.

Mga Pagsasaalang-alang sa Estruktura ng Negosyo at Organisasyon ng Estado ng Washington:

Mga Pagsasaalang-alang	Sole Proprietorship	Pangkalahatang Pakikipagsosyo	Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Company, LLC)	Korporasyon
Maghain o magparehistro sa Kalihim ng Estado ng Washington	Hindi	Hindi	Oo	Oo
Kahirapan sa Pagbuo	Mababa	Mababa	Katamtaman	Katamtaman/Mat taas
Pananagutan	Walang limitasyon ang pananagutan ng Sole Proprietor para sa mga utang at buwis.	Walang limitasyon ang pananagutan ng Mga Kasosyo para sa mga utang at buwis.	Karaniwang hindi mananagot ang Mga Miyembro para sa mga utang maliban sa mga buwis.	Karaniwang hindi mananagot ang Mga Shareholder para sa mga utang maliban sa mga buwis.
Mga Kinakailangan sa Pagpapatakbo	Medyo kakaunting legal na pangangailangan.	Medyo kakaunting legal na pangangailangan	Ilang pormal na kinakailangan tulad ng mga kasunduan sa pagpapatakbo at taunang pag-uulat.	Kinakailangan ang lupon ng mga direktor, taunang pagpupulong, taunang pag-uulat.



Mga Pagsasaalang-alang	Sole Proprietorship	Pangkalahatang Pakikipagsosyo	Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Company, LLC)	Korporasyon
Pamamahala	May ganap na kontrol ang sole proprietor sa pamamahala at pagpapatakbo.	Karaniwang may pantay na boses ang bawat kasosyo, maliban kung iba ang pagkakaayos.	May kasunduan sa pagpapatakbo ang mga LLC na nagbabalangkas sa pangangasiwa at pamamahala.	May mga tuntunin ang mga korporasyon na nagbabalangkas sa pamamahala. Karaniwang pinamamahalaan ng mga direktor na inihalal ng mga shareholder.
Pederal na Pagbubuwis	Iniulat ng sole proprietor ang lahat ng kita at gastos sa negosyo at nagbabayad siya ng mga buwis sa pamamagitan ng personal na pagbabayad ng buwis.	Iniulat ng bawat kasosyo ang kanilang bahagi sa mga kita at gastos sa negosyo at nagbabayad sila ng mga buwis sa pamamagitan ng personal na pagbabayad ng buwis.	Kung iisa ang miyembro ng LLC, karaniwang magbabayad siya ng mga buwis bilang indibidwal. Kung higit sa isa ang miyembro, karaniwang magbabayad sila ng mga buwis bilang pakikipagsosyo. Maaaring piliin sa IRS na magbayad ng mga buwis bilang korporasyon (alinman sa c- o s-).	Kung karaniwang korporasyon (c-corp), binubuwisan bilang negosyo. Kung ibinabahagi ang mga dibidendo sa mga shareholder, binubuwisan ang mga dibidendo sa indibidwal na antas. Maaaring piliin sa IRS na buwisan bilang s-corp. Iniulat ng bawat shareholder ng s-corp ang kanilang bahagi sa mga kita at gastos sa negosyo at nagbabayad ng mga buwis sa pamamagitan ng personal na pagbabayad ng buwis.



Mga Pagsasaalang-alang	Sole Proprietorship	Pangkalahatang Pakikipagsosyo	Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Company, LLC)	Korporasyon
Pagbubuwis at Pananagutan sa Excise ng Washington (Departamento ng Kita ng Washington)	Mga buwis batay sa kita ng negosyo. Walang limitasyon ang pananagutan ng sole proprietor.	Mga buwis batay sa kita ng negosyo. Walang limitasyon ang pananagutan ng mga pangkalahatang kasosyo.	Mga buwis batay sa kita ng negosyo. Maaaring may pananagutan ang mga miyembro para sa mga buwis.	Mga buwis batay sa kita ng negosyo. Maaaring may pananagutan ang mga taong namamahala para sa mga buwis.

TANDAAN: Para sa sanggunian lang ang impormasyong ito, para sa mga detalyadong pagsasaalang-alang, makipag-ugnayan sa iyong mga pinagkakatiwalaang tagapayo sa batas o buwis.

3. Pagsusuri sa merkado

Tutulungan ka ng pagsusuri sa merkado na matukoy kung may pangangailangan sa iyong produkto o serbisyo sa marketplace, kung sino ang pinakamalamang na bibili ng iyong mga inaalok, at kung saan matatagpuan ang iyong mga customer. Isama ang:

- Pagsusuri sa iyong industriya.
- Katibayan ng demand para sa iyong produkto o serbisyo.
- Paglalarawan ng iyong target na merkado (profile ng customer).
- Laki ng iyong market (pagtingin sa mga demograpiko ng lugar at paglago ng iyong industriya).
- Iyong kakompetensya at kung bakit pipiliin ng mga tao ang iyong produkto o serbisyo kaysa sa kakompetensya.
- Tinatanyang dami ng benta at kita.
- Ang Commerce ay may libreng planner para gumawa ng paunang pagsusuri, ang [SizeUp!](#)

4. Plano sa marketing

Kapag natukoy mo na ang iyong customer, kailangan mong ipaliwanag kung paano mo maeengganyo ang iyong mga customer na bilhin ang iyong produkto o serbisyo. Isama ang:



- Iyong estratehiya sa pagpepresyo, kabilang ang price floor (ang presyo kung saan mababawi lang ang puhunan), ang price ceiling (ang pinakamataas na presyong isasaalang-alang ng mga tao na magbayad para sa iyong produkto o serbisyo), at ang iyong pagpepresyo na may kaugnayan sa iyong kakompetensya (pareho, mas mababa, mas mataas).
- Iyong ninanais na imahe (na may kaugnayan sa iyong tina-target na merkado) at kung paano ito makakamit sa pamamagitan ng pag-advertise, signage, card ng negosyo at letterhead, brochure, hitsura ng tanggapan/tindahan, ang iyong hitsura, at iba pang paraan ng pagtulong.
- Iyong estratehiya sa promosyon at pag-advertise para maabot ang iyong tina-target na merkado (tulad ng paggamit ng website, social media, yellow pages, mga pagpapalabas ng balita, personal na network, pagtawag sa sinuman sa telepono (cold call), pahayagan, radyo, pag-advertise sa telebisyon, direktang mail, atbp.).
- Mga gastos at timing ng iyong mga aktibidad sa marketing.

5. Plano sa pagpapatakbo

Sinasalamín nito ang lahat ng pangunahing kaalaman sa pagpapatakbo ng iyong negosyo at nito kasama ang:

- Lokasyon ng iyong negosyo. Kung sino ang nagmamay-ari nito? Kung ano ang mga tuntunin sa pag-upa? Kung ano ang kakailanganin para maihanda ito patungkol sa pagsosona, pagkuha ng permiso, pagtatayo at pagpapahusay ng nangungupahan?
- Mga pangangailangan sa muwebles, kasangkapan, kagamitan, at supply.
- Imbentaryo. Kung ano ang imbentaryo mo sa anong mga volume? Kung sino ang iyong magiging mga vendor? Kung paano mo itatabi at susubaybayan ang imbentaryo?
- Paglalarawan ng pagpapatakbo, gaya ng mga aktibidad mula noong natanggap ang isang order para sa mga produkto/serbisyo sa pamamagitan ng paghahatid nito, mga siklo para sa pagbili ng imbentaryo o mga materyales/supply, at iba pang siklo na likas sa iyong negosyo.
- Mga pangunahing tauhan at ang kanilang mga tungkulin sa pagpapatakbo ng negosyo (mga kasamang may-ari, tagapamahala, tagapayo).
- Mga legal na pangangailangan, pangangailangan sa insurance, at pag-unawa sa iyong mga kinakailangan sa regulasyon.



- Mga pangangailangan sa pagpapanatili ng rekord at accounting (pagsubaybay sa imbentaryo, sistema ng accounting, paraan ng pagsingil, mga sistema ng pag-file, atbp.). Kung sino ang hahawak sa pang-araw-araw na accounting? Kung sino ang magiging banker sa negosyo mo? Kung sino ang iyong magiging accountant sa negosyo at anong mga serbisyo ang kanilang ibibigay?
- Isaalang-alang ang pagsasama ng seksyon sa paghahanda sa emergency. Maaaring makapinsala o makasira sa iyong negosyo at sa mga rekord nito ang mga hindi inaasahang kaganapan sa kalikasan at kaganapang gawa ng tao. [Maghanda ng plano](#) para sa hinaharap.
- Makikita sa [site para sa maliit na negosyo](#) ng Commerce ang isa pang mahusay na tool sa pagpapalano na partikular na idinisenyo para sa maliliit na negosyo.

6. Plano sa tauhan

Karamihan sa mga bagong negosyo ay nagsisimula sa maliit at lumalaki. Kapag nag-hire

ka, magiging napakahalaga sa iyong tagumpay ang pagkakaroon ng mga empleyado na may mga tamang katangian at kasanayan para sa iyong negosyo. May mga mapagkukunan para matulungan ka sa pagpapalano sa pagtatrabaho, kabilang ang [Impormasyon sa Merkado ng Trabaho](#).

Ang pagtatrabaho ay isang bahaging may maraming regulasyon, kabilang ang minimum na sahod, bayad sa overtime, pagliban at mga benepisyo, mga akomodasyon sa pagbubuntis, pagpapatrabaho ng mga menor-de-edad at miyembro ng pamilya, kaligtasan sa lugar ng trabaho, atbp.

Madalas na hindi nauunawaang bahagi ang paggamit ng mga independiyenteng kontratista. Sa pangkalahatan, iaatas ng batas ng estado at pederal na pamahalaan na tratuhin bilang empleyado ang isang indibidwal maliban kung ang indibidwal ay:

- Tunay na nasa negosyo para sa kanyang sarili.
- Lisensyado at aktibong ibinebenta ang kanyang mga serbisyo.
- May maraming kliyente/customer.
- Nagsasagawa ng mga gawaing wala sa normal na aktibidad ng negosyo.

Kinakailangan din ng pagiging employer na magpanatili ka ng mga detalyadong rekord at tuparin ang iyong mga obligasyon sa pag-uulat ng buwis. Mahalagang maunawaan

mo ang mga regulasyon at gastos habang pinaplano mo ang iyong negosyo. Makakatulong sa iyo ang mga link sa ibaba na maunawaan ang iyong mga responsibilidad.



Batas sa Trabaho

- [Mga batas sa pasahod at oras \(tulad ng minimum na sahod, overtime, pahinga, atbp.\)](#)
- [Mga kinakailangan sa poster ng lugar ng trabaho](#)
- [Pagpapatrabaho ng mga menor-de-edad](#)
- [Mga Batas sa Hindi Pandidiskrimina](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(Trabaho at Mga Industriya\)](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(Seguridad sa Pagtatrabaho\)](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(IRS\)](#)
- [Kaligtasan sa lugar ng trabaho](#) (kabilang ang kinakailangang nakasulat na programa sa pag-iwas sa aksidente)
- [Pederal na mga buwis sa payroll](#)
- [Mga Batas sa Pagkuha ng Bahagi ng Kita para sa Suporta sa Bata \(Child Support Withholding Laws\)](#)
- Mga paghihigpit sa [mga kasunduan sa hindi pakikipagkompetensya](#), [kasaysayan ng sahod](#), at [paglilihim sa sahod](#)
- [Proteksyon ng manggagawang nag-iisa sa trabaho](#)
- [Mga Pagbabago sa Mga Panuntunan sa Overtime](#)

Mga Benepisyo ng Manggagawa

- [Mga buwis sa kawalan ng trabaho ng estado](#)
- [Insurance sa kabayaran ng mga manggagawa](#)
- [Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan ng Washington](#)
- [Washington Healthplanfinder](#)
- [Bayad na Pagliban dahil sa Pagkakasakit](#)
- [Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban](#)
- [Iba pang Uri ng Pagliban](#)
- [Marketplace ng Pagreretiro](#)

Tandaan: Kung mayroon kang mga manggagawa sa Seattle, Tacoma o SeaTac, suriin ang pinakamababang sahod at iba pang kinakailangan sa pagtatrabaho sa iyong lungsod.



Isama sa iyong Plano ng Tauhan ang:

- Mga posisyon na kailangan at kung kailan.
- Kung permanente o pansamantala ang mga empleyado. Kung pansamantala, direkta mo man silang tatanggapin sa trabaho o gagamit ka ng panlabas na ahensya.
- Mga paglalarawan sa trabaho at pangangailangan sa kasanayan.
- Mga kinakailangan sa pagsasanay.
- Kabayaran at mga benepisyo.
- Mga patakaran sa tauhan.

7. Mga benepisyo ng empleyado

Insurance sa Kalusugan

Makakatulong sa iyo ang pag-aalok ng mga benepisyo, tulad ng insurance sa kalusugan, na makaakit at makapagpanatili ng mahuhusay na empleyado. Kapag naghahanap ng planong pangkalusugan para sa iyong sarili o sa iyong mga empleyado, mahalagang malaman ang iyong mga layunin sa pagbibigay ng coverage sa kalusugan. Halimbawa, gusto mo bang mag-ambag sa buwanang premium sa kalusugan ng iyong mga empleyado, o gusto mo bang suportahan ang iyong mga empleyado sa paghahanap ng sarili nilang coverage? Anuman ang iyong mga layunin o mapagkukunan, maaaring makatulong sa iyo at/o sa iyong mga empleyado ang [Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan ng Washington](#) na malaman ang tungkol sa iyong mga opsyon.

Pinapatakbo ng Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan ng Washington ang opisyal na online na marketplace ng insurance sa kalusugan ng estado, ang [Washington Healthplanfinder](#).

Sa *Washington Healthplanfinder*, ang mga employer at empleyado ay maaaring:

- Mamili, maghambing at mag-sign up para sa mga indibidwal na plano sa kalusugan at ngipin.
- Kumuha ng eksklusibong access sa mga pederal na kredito sa buwis para mapababa ang mga buwanang gastos.
- Mag-apply para sa Washington Apple Health (Medicaid).



Napapaisip kung ano ang iyong mga pagpipilian? Maaaring magsumite ang mga employer at/o empleyado ng aplikasyon ng walang obligasyon sa *Washington Healthplanfinder* para makita ang mga indibidwal na plano at kredito sa buwis na available sa kanila.

Mga Panahon ng Pagpapatala

Ikaw at/o ang iyong mga empleyado ay maaaring magpatala sa mga indibidwal na plano sa panahon ng bukas na pagpapatala (simula Nobyembre 1) para sa susunod na taon ng coverage. Kung sinusubukang magpatala sa labas ng bukas na pagpapatala, mangangailangan ang mga indibidwal ng kwalipikadong kaganapan sa buhay. Halimbawa ng kwalipikadong kaganapan sa buhay ang pagkawala ng coverage ng employer, pagdagdag ng miyembro ng iyong pamilya, permanenteng paglipat sa estado ng WA, ([tingnan ang buong listahan ng mga kwalipikadong kaganapan sa buhay](#)). Dapat iulat ang mga kwalipikadong kaganapan sa buhay sa loob ng 60 araw mula nang maganap ang pangyayari sa buhay.

Available ang Washington Apple Health (Medicaid) sa mga kwalipikado sa buong taon (ibig sabihin, hindi nangangailangan ng espesyal na panahon ng pagpapatala).

Mga Panggrupong Plano at Higit Pa

Nagbabalak na suportahan ang iyong mga empleyado sa pamamagitan ng pagbibigay o pag-subsidize ng kanilang coverage sa kalusugan? Matutulungan ka ng mga sertipikadong broker sa aming Mga Sentro ng Pagpapatala na ipaghambing ang mga opsyon sa panggrupong plano, account sa pangkalusugang reimbursement at opsyon sa pangkalusugang savings account.

Kailangan ng Tulong

Makakatulong sa iyo at sa iyong mga empleyado ang aming mga sertipikadong broker na maunawaan ang iyong mga opsyon sa coverage, available na tulong sa pananalapi at pati mag-apply para sa coverage *nang walang bayad*.

Para matuto nang higit pa tungkol sa iyong mga opsyon sa coverage o para maikonekta sa isang broker, mag-email sa smallbusiness@wahbexchange.org.



8. Plano sa pagpopondo

Mga Projection:

Kailangan mong magkaroon ng mahusay na sinaliksik na pagtatantya ng mga gastos sa pagsisimula at pagpapatakbo ng iyong negosyo. Kailangan mo ring magkaroon ng makatotohanang inaasahang halaga ng pera na kikitain ng iyong negosyo. Tutulong sa iyo ang mga projection na ito na maghanda sa pananalapi para sa pagsisimula ng iyong negosyo, kung ikaw mismo ang nagpopondo sa negosyo o naghahanap ng mga panlabas na mauutangan o mamumuhunan.

Isama ang mga projection ng:

- Mga gastos sa pagsisimula. Tukuyin kung gaano karaming pera sa pagsisimula ang kakailanganin mo para sa mga pasilidad, kagamitan, muwebles, kasangkapan, supply, signage, lisensya at permiso, tagapayo, atbp. Isama ang lahat ng gastos na kinakailangan para maisagawa ang iyong plano sa negosyo.
- Buwanang projection ng pagdaloy ng cash. Ang projection ng pagdaloy ng cash ay ang iyong mabisang badyet. Dapat kang magbadyet nang hindi bababa sa 24 na buwan na may mataas na antas ng detalye, na nagpapakita ng mga halaga at timing ng cash na dumadaloy paloob at palabas ng negosyo. Kapag pinagsama, ipapakita ng projection ng mga gastos sa pagsisimula at pagdaloy ng cash ang kabuuang pondo na kailangan para maabot ng negosyo ang punto ng pagiging likas-kaya (kapag kaya na nitong magbayad para sa sarili nito).
- Mga pahayag ng inaasahang kinita at pagkalugi (profit & loss statement, P&L) nang hindi bababa sa dalawang taon. Nagpapakita ang mga P&L, na tinatawag ding mga pahayag ng kita, ng hitsura ng negosyo gamit ang equation na:

$$\text{Mga Kita} - \text{Mga Gastos} = \text{Kinita (o Pagkalugi)}$$

- Mga dokumento ng inaasahang balanse para sa pagsisimula ng negosyo, sa pagtatapos ng unang taon at sa pagtatapos ng pangalawang taon. Nagpapakita ang mga dokumento ng balanse ng histura ng negosyo gamit ang equation na:

$$\text{Mga Asset} - \text{Mga Pananagutan} = \text{Net na Halaga (o Equity)}$$

Pagpopondo:

Kapag nalaman mo na kung gaano karaming pera ang kakailanganin ng iyong negosyo para maabot ang punto kung saan masisimulan nitong suportahan ang sarili nito, matutukoy mo kung paano makukuha ang mga kinakailangang pondo.



- Kabilang sa mga potensyal na mapagkukunan ng pagpopondo ang mga ipon ng may-ari, mga kaibigan, pamilya at iba pang pribadong nagpapautang, kasosyo sa negosyo, credit card, pautang sa negosyo, alok sa pampublikong stock, atbp. Hindi lahat ng mapagkukunang ito ay maaaring angkop para sa iyo at sa iyong negosyo.
- Bagama't maaaring narinig mo na ang mga usap-usapang may mga gawad para magsimula ng mga negosyo, sa pangkalahatan ay hindi ito totoo. Sa mga partikular na sitwasyon lang ibinibigay ang mga gawad para sa pagsisimula ng negosyo; ang isang halimbawa ay ang siyentipikong pananaliksik at pagpapaunlad na kailangan ng mga pederal na ahensya. May libreng gabay ang Departamento ng Komersyo na nagbabalangkas ng 27 estratehiya para sa pangangalap ng kapital sa negosyo na tinatawag na [Startup Wisdom](#) (Karunungan sa Pagsisimula).
- Karaniwang nangangailangan ang mga pautang sa negosyo ng "5C":
 - Kapital/Cash (Capital/Cash) – cash na puhunan ng may-ari. Karaniwang magpapapasok ang mga may-ari ng 25-30% ng mga pondong kailangan para magsimula ng bagong negosyo.
 - Kapasidad/Pagdaloy ng Cash (Capacity/Cash Flow) – katibayan na may kakayahan ang may-ari ng negosyo na simulan at matagumpay na patakbuhin ang negosyo. Makakatulong sa pagtatatag ng kapasidad ang karanasan sa industriya, pagsasanay sa negosyo at karanasan sa pamamahala ng may-ari kasama ng mahusay na binuong plano sa negosyo. Kritikal dito ang projection ng pagdaloy ng cash, at kailangan nitong ipakita ang kakayahan ng negosyo na matugunan ang mga obligasyon nito sa pananalapi, kabilang ang pagbabayad ng utang.
 - Collateral – isang bagay na may halaga na isinangla. Karaniwang kasama sa collateral ang ari-arian ng negosyo, mga muwebles, kasangkapan, kagamitan, at imbentaryo, kasama ang mga asset ng may-ari sa labas ng negosyo (real estate, stock, atbp.).
 - Katangian (Character) – kumpiyansa na sineseryoso ng may-ari ang mga responsibilidad, gaya ng bahagyang ipinakita sa pamamagitan ng kasaysayan ng kredito ng may-ari.
 - Mga Kondisyon (Condition) – kumpiyansa na sumusuporta ang pangkalahatang kapaligiran (ekonomiya, mga trend sa industriya, at lakas ng merkado) sa potensyal ng negosyo para sa tagumpay.



- Lubos na kinokontrol ang pagkilos ng paghahanap ng mga mamumuhunan at pribadong nagpapautang at nangangailangan ito ng pag-unawa sa [mga batas sa seguridad \(securities laws\)](#).
- Kung hindi mo mapopondohan ang iyong negosyo sa antas na una mong pinlano, mag-isip ng mga paraan kung paano mo maaaring paliitin ang iyong mga plano, tulad ng pagsisimula nang mas maliit, pagbili ng mas kaunting supply/kagamitan, pag-arkila ng kagamitan o pagbili ng gamit nang kagamitan, pag-hire ng mas kaunting empleyado, paghahanap ng mas murang lokasyon, atbp. Mangyaring malaman na malamang na makakaapekto rin sa iyong mga projection ng kita ang mga pagbabagong gagawin mo sa bahagi ng gastos.
- Pumunta sa mga website na ito para sa tulong sa pagpopondo sa negosyo:
 - [Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo ng U.S.](#)
 - [Sentro ng Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo](#)
 - [Departamento ng Komersyo ng Washington](#)
 - [Tanggapan ng Beterano para sa Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo \(Small Business Administration, SBA\)](#)
 - [Opisina sa Beterano ng Mga Microlender ng Small Business Administration \(SBA\)](#)
 - [Fundera](#)

9. Kailangan ng tulong?

Matutulungan ka ng [Mga Liaison ng Maliit na Negosyo](#) ng Estado ng Washington na makakuha ng impormasyon at mga mapagkukunang kailangan mo. Tulungan din kaming mas mapabuti ang Gabay sa Maliit na Negosyo sa pamamagitan ng pagsagot ng maikli at kumpidensyal na [survey](#).

SIMULAN ang iyong negosyo

Abril 2023



SIMULAN ang iyong negosyo

1. Nahanda mo na ba ang iyong plano sa negosyo?

Hindi mo gugustuhing simulan ang iyong negosyo bago mo makompleto ang iyong plano sa negosyo! Maaaring gusto mong i-click ang kahon na "Pagpaplano" para sa mga alituntunin sa pagpaplano ng negosyo. Para sa tulong sa pagpaplano at mas detalyadong impormasyon tungkol sa alinman sa mga hakbang sa pahinang ito, maaari mong tingnan ang mga sumusunod na mapagkukunan:

- [Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo ng U.S.](#)
- [SCORE](#)
- [Business Impact NW](#)
- [Sentro para sa Kababaihan sa Negosyo ng Washington](#)
- [Sentro ng Pagpapaunlad sa Maliit na Negosyo ng Washington](#)

(makipag-ugnayan pagkatapos mong magkaroon ng draft ng plano)

2. Bumibili ka ba ng umiiral na negosyo?

Kung bibili ka ng negosyo o kahit ilan lang sa mga asset ng isang negosyo, mangyaring malaman na maaaring hindi mo sadyaing makabili ng mga nakaraang pananagutan sa anyo ng mga hindi nabayarang buwis at rating sa karanasan. Humingi ng karampatang legal na payo bago bumili ng negosyo dahil hindi kinakailangang bahagi ng mga regular na dokumento sa pananalapi ang mga nakaraang pananagutan.

- Para sa mga potensyal na pananagutan na may kaugnayan sa Departamento ng Kita, dapat mong hilingin sa may-ari na magbigay ng [Liham ng Katayuan ng Buwis \(Tax Status Letter\)](#) patungkol sa anumang natitirang buwis ng negosyo. Maaaring kailanganin mo ring magbayad ng [Buwis sa Paggamit \(Use Tax\)](#) sa Departamento ng Kita sa halaga ng mga nahahawakang asset na kasama sa pagbili, tulad ng mga kagamitan, kasangkapan, supply, atbp. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang aming artikulo sa Mga Paksa sa Buwis na pinamagatang [Pagbili ng mga asset ng negosyo](#).
- Para sa kabayaran ng mga manggagawa, posibleng managot ang mamimili ng negosyo para sa premium na dapat bayaran, hindi pa nababayaran o nakabinbin para sa pagtatasa sa pag-audit, pati na rin sa pagmamana ng mga responsibilidad sa claim at epekto nito sa mga rate ng premium sa hinaharap. Dapat hilingin ng mga potensyal na mamimili sa nagbebenta ang data at

impormasyong nakalista sa publikasyong ito na [Buyer Beware \(Mag-ingat, Mamimili\)](#).

- Para sa insurance sa kawalan ng trabaho, maaaring hindi mo sinasadyang makabili ng mga nakaraang pananagutan at puwede kang managot sa utang ng naunang may-ari.

3. Pumili ng estruktura ng negosyo

Isang legal na entidad ang negosyo. Maaari itong magmay-ari ng ari-arian, magkaroon ng mga account sa bangko at kinakailangang magbayad ng buwis. May iba't ibang uri ng mga entidad ng negosyo, na may mga natatanging benepisyo at limitasyon ang bawat isa.

Nakasalalay sa iyong mga interes at pangangailangan ang “tamang” pagpipili. Kakailanganin mo ng mahusay na payo para maunawaan ang iyong mga obligasyon tungkol sa iyong negosyo. Kilalanin ang mga opsyon sa estruktura ng negosyo at talakayin ang mga ito sa iyong mga tagapayo para matukoy kung alin ang pinakamabuti para sa iyo. Maghanap ng mga tagapayo sa [batas](#), [buwis](#) at negosyo (SCORE, Mga Sentro ng Pagpapaunlad sa Maliit na Negosyo). Nakabatay ang magagandang desisyon sa:

- Bilang ng mga may-ari ngayon at na nakaplano para sa hinaharap.
- Mga uri ng may-ari - lahat ba sila ay indibidwal o entidad (tulad ng mga korporasyon, trust, atbp.)?
- Mga alalahanin sa pananagutan.
- Mga implikasyon ng pederal na buwis - [Serbisyo sa Rentas Internas \(Internal Revenue Service, IRS\)](#).
- Mga kinakailangan at gastos sa pagpaparehistro at paghahain ng buwis.
- Mga pagsasaalang-alang sa papeles at pamamahala ng entidad.

Ang **Mga Sole Proprietorship** ay pagmamay-ari ng iisang tao o ng mag-asawa. Hindi magastos buuin ang mga negosyong ito at walang espesyal na kinakailangan ang mga ito sa pag-uulat. Personal na responsable (may pananagutan) ang may-ari para sa lahat ng utang sa negosyo at pederal na buwis. Para maghain ng aplikasyon ng lisensya sa negosyo sa ating estado para sa sole proprietorship, panoorin ang video na ito ng [Departamento ng Kita](#).

Napakasikat ng **Mga Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Companies, LLCs)**. May limitadong legal na pananagutan ang negosyo tulad ng isang korporasyon, ngunit mas kaunti ang mga kinakailangan nito sa pamamahala.

Tinatawag

na “mga miyembro” ang mga may-ari ng LLC. Nangangailangan ng paghahain sa [Kalihim ng Estado](#) ng Washington ang pagbuo ng LLC. Para sa mga pederal na buwis, karaniwang itinuturing ang mga LLC na mga sole proprietorship kung isa lang ang may-ari, o tulad ng mga pakikipagsosyo kung mayroong higit sa isang may-ari.

Gayunpaman, sa pamamagitan ng paghahain ng [form ng pagpili ng klasipikasyon ng entidad](#) sa IRS, maaaring ituring ang mga LLC na parang mga korporasyon para sa mga layunin ng pederal na buwis. Bagama't hindi kinakailangan, dapat gawin sa tulong ng kwalipikadong propesyonal sa batas ang pagbuo ng LLC. Bukod sa iba pang kinakailangan, kinakailangan ng mga LLC na gumawa ng dokumento ng pamamahala na tinatawag na Kasunduan sa Pagpapatakbo (Operating Agreement).

Ang **Mga Pangkalahatang Pakikipagsosyo (General Partnerships)** ay parang mga sole proprietorship na may higit sa isang may-ari. Nakikibahagi ang mga kasosyo sa mga tungkulin sa pangangasiwa, kinita at pagkalugi, at personal na responsable (may pananagutan) ang bawat isa para sa lahat ng utang ng negosyo. Dahil maaaring magresulta sa personal na pananagutan para sa iba ang mga aksyon ng isang kasosyo, hindi naging gaanong popular ang mga pakikipagsosyo dahil nariyan ang mga LLC. Para sa mga layunin ng pederal na buwis, kinakailangang maghain ng negosyo ng pagbabalik ng [pakikipagsosyo](#), na mapupunta ang kita o pagkalugi sa bawat kasosyo batay sa kung gaano kalaki ang pagmamay-ari ng bawat isa sa negosyo.

Ang **Mga Korporasyon** ay mga estrukturang higit na komplikado kaysa sa iba. Tulad ng mga LLC, may limitadong legal na pananagutan ang mga korporasyon. Para bumuo ng korporasyon, dapat kang maghain sa [Kalihim ng Estado](#) ng Washington at dapat kang gumawa ng dokumento ng pamamahala—na, sa kasong ito, mga tuntunin. Mayroon ding iba pang kinakailangan ang mga korporasyon, tulad ng pag-isyu ng mga sertipiko ng stock, pagdaraos ng mga taunang pagpupulong at pagtatala ng mga tinalakay, paghahalal ng mga direktor, atbp. Tinatawag na “mga shareholder” o “mga stockholder” ang mga may-ari ng korporasyon. Ang mga nagtatrabahong may-ari ng mga korporasyon ay mga empleyado at dapat may pederal na mga buwis sa payroll na kinukuha at iniuulat katulad ng ibang empleyado. Naghahain ang [Mga Korporasyon](#) ng

pederal na pagbabayad ng buwis ng korporasyon (federal corporate tax return) sa IRS. Kung kwalipikado at nag-apply sa tamang oras, maaaring piliin ng mga korporasyon ang pass-through na pagbubuwis, kung saan binabayaran ng (mga) may-ari ang mga buwis sa kita ngunit hindi rin ng korporasyon ("[S-Corporation](#)"). Bagama't hindi kinakailangan, dapat gawin sa tulong ng kwalipikadong propesyonal sa batas ang pagbuo ng korporasyon.

Ang **Mga Limitadong Pakikipagsosyo** (Limited Partnership, LP) ay hindi masyadong madalas na ginagamit para sa maliliit na negosyo, bagama't karaniwan ang mga ito para sa pagmamay-ari ng real estate. Binubuo ang Mga LP ng isa o higit pang pangkalahatang kasosyo at isa o higit pang limitadong kasosyo. Pinamamahalaan ng mga pangkalahatang kasosyo ang entidad at ganap na nakikibahagi ang mga ito sa mga kinita at pagkalugi nito. Para maprotektahan ang kanilang sarili mula sa pananagutan, kadalasang mga korporasyon o LLC sa halip na mga indibidwal ang mga pangkalahatang kasosyo. Nakikibahagi ang mga limitadong kasosyo sa mga kinita ng negosyo, ngunit limitado sa saklaw ng kanilang pamumuhunan ang kanilang mga pagkalugi. Karaniwang hindi kasali sa pang-araw-araw na operasyon ng entidad ang mga limitadong kasosyo. Kumuha ng legal na payo bago pumili ng estruktura ng LP para sa iyong negosyo. Tulad ng mga LLC at korporasyon, nangangailangan ng paghahain sa [Kalihim ng Estado](#) ng Washington ang pagbuo ng LP.

Mga Pagsasaalang-alang sa Estruktura ng Negosyo at Organisasyon ng Estado ng Washington:

Mga Pagsasaalang-alang	Sole Proprietorship	Pangkalahatang Pakikipagsosyo	Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Company, LLC)	Korporasyon
Maghain o magparehistro sa Kalihim ng Estado ng Washington	Hindi	Hindi	Oo	Oo
Kahirapan sa Pagbuo	Mababa	Mababa	Katamtaman	Katamtaman/ Mataas

Mga Pagsasaalang-alang	Sole Proprietorship	Pangkalahatang Pakikipagsosyo	Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Company, LLC)	Korporasyon
Pananagutan	Walang limitasyon ang pananagutan ng Sole Proprietor para sa mga utang at buwis.	Walang limitasyon ang pananagutan ng Mga Kasosyo para sa mga utang at buwis.	Karaniwang hindi mananagot ang Mga Miyembro para sa mga utang maliban sa mga buwis.	Karaniwang hindi mananagot ang Mga Shareholder para sa mga utang maliban sa mga buwis.
Mga Kinakailangan sa Pagpapatakbo	Medyo kakaunting legal na pangangailangan.	Medyo kakaunting legal na pangangailangan	Ilang pormal na kinakailangan tulad ng mga kasunduan sa pagpapatakbo at taunang pag-uulat.	Kinakailangan ang lupon ng mga direktor, taunang pagpupulong, taunang pag-uulat.
Pamamahala	May ganap na kontrol ang sole proprietor sa pamamahala at pagpapatakbo.	Karaniwang may pantay na boses ang bawat kasosyo, maliban kung iba ang pagkakaayos.	May kasunduan sa pagpapatakbo ang mga LLC na nagbabalangkas sa pangangasiwa at pamamahala.	May mga tuntunin ang mga korporasyon na nagbabalangkas sa pamamahala. Karaniwang pinamamahalaan ng mga direktor na inihalal ng mga shareholder.

Mga Pagsasaalang-alang	Sole Proprietorship	Pangkalahatang Pakikipagsosyo	Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Company, LLC)	Korporasyon
Pederal na Pagbubuwis	Iniuulat ng sole proprietor ang lahat ng kita at gastos sa negosyo at nagbabayad siya ng mga buwis sa pamamagitan ng personal na pagbabayad ng buwis.	Iniuulat ng bawat kasosyo ang kanilang bahagi sa mga kita at gastos sa negosyo at nagbabayad sila ng mga buwis sa pamamagitan ng personal na pagbabayad ng buwis.	Kung iisa ang miyembro ng LLC, karaniwang magbabayad siya ng mga buwis bilang indibidwal. Kung higit sa isa ang miyembro, karaniwang magbabayad sila ng mga buwis bilang pakikipagsosyo. Maaaring piliin sa IRS na magbayad ng mga buwis bilang korporasyon (alinman sa c- o s-).	Kung karaniwang korporasyon (c-corp), binubuwisan bilang negosyo. Kung ibinabahagi ang mga dibidendo sa mga shareholder, binubuwisan ang mga dibidendo sa indibidwal na antas. Maaaring piliin sa IRS na buwisan bilang s-corp. Iniulat ng bawat shareholder ng s-corp ang kanilang bahagi sa mga kita at gastos sa negosyo at nagbabayad ng mga buwis sa pamamagitan ng personal na pagbabayad ng buwis.
Pagbubuwis at Pananagutan sa Excise ng	Mga buwis batay sa kita ng negosyo. Walang	Mga buwis batay sa kita ng negosyo. Walang	Mga buwis batay sa kita ng negosyo.	Mga buwis batay sa kita ng negosyo.

Mga Pagsasaalang-alang	Sole Proprietorship	Pangkalahatang Pakikipagsosyo	Kompanyang May Limitadong Pananagutan (Limited Liability Company, LLC)	Korporasyon
Washington (Departamento ng Kita ng Washington)	limitasyon ang pananagutan ng sole proprietor.	limitasyon ang pananagutan ng mga pangkalahatang kasosyo.	Maaaring may pananagutan ang mga miyembro para sa mga buwis.	Maaaring may pananagutan ang mga taong namamahala para sa mga buwis.

TANDAAN: Para sa sanggunian lang ang impormasyong ito, para sa mga detalyadong pagsasaalang-alang, makipag-ugnayan sa iyong mga pinagkakatiwalaang tagapayo sa batas o buwis.

4. Tukuyin ang pangalan ng iyong negosyo

Kapag magpapasya sa pangalan ng negosyo, maraming bagay ang dapat isaalang-alang:

- Magiging kaakit-akit ba ito sa iyong mga potensyal na customer?
- Gagana ba ito nang maayos sa graphic na disenyo at marketing?
- May iba bang gumagamit ng pangalan? Kung gayon, maaari bang magkaroon ng kalituhan sa marketplace, o lumalabag ka ba sa kanilang legal na pangalan, trademark, o marka ng serbisyo? Alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng ["Pangalan ng Legal na Entidad \(Artikulo 3 RCW 23.95\)"](#) ["trade name,"](#) pangalang ginamit sa kurso ng negosyo, at ["trademark,"](#) isang eksklusibong karapatang gumamit ng pangalan. Maaari kang maghanap sa pamamagitan ng [Tanggapan ng Patent at Trademark ng U.S.](#), [Kagawaran ng Kita ng Estado - Serbisyo sa Paglilisensya ng Negosyo](#), [Kalihim ng Estado ng Estado ng Washington – Sangay ng Mga Korporasyon at Charity](#), at sa pamamagitan ng iba't ibang search engine sa Web.
- Kung korporasyon o entidad na may limitadong pananagutan ang iyong negosyo, dapat isaad ng pangalan ang uri ng entidad (gaya ng Corp., Inc., LLC, atbp.).
- Kapag nagsumite ka ng pangalan sa Kalihim ng Estado, susuriin nito ang pagiging available ng pangalan. Maisasagawa ang pagrehistro kung available

ang pangalan. Gayunpaman, maaari kang humiling ng mga pagpapareserba ng pangalan sa Kalihim ng Estado ng Washington.

Nagiging rekord ang mga pangalan ng Legal na Entidad kapag naghain ka ng legal na entidad gaya ng LLC o Korporasyon. Maaari kang magparehistro ng trade name kapag nakompleto mo ang iyong Aplikasyon sa Paglilisensya ng Negosyo ng Washington, sa halagang \$5 bawat pangalan. Kung gusto mo ring mag-trademark ng pangalan, maaaring gugustuhin mong kumonsulta sa [abogado](#) ng intellectual property. Kung lalampas ang saklaw ng iyong mga aktibidad sa negosyo sa Estado ng Washington, maghain ng trademark sa [Tanggapan ng Patent at Trademark ng U.S.](#) Kung mananatili ang iyong mga aktibidad sa negosyo sa loob ng Washington, maghain ng trademark sa [Kalihim ng Estado](#).

5. Kung pumipili ng estruktura ng korporasyon o LLC, magparehistro

Kung ang estruktura ng negosyo na iyong pinili ay korporasyon, kompanyang may limitadong pananagutan, o limitadong pakikipagsosyo, kakailanganin mong gawin ang entidad o ipagawa ito sa iyong abogado para sa iyo.

- Maaaring narinig mo na dati na mas mainam irehistro ang iyong entidad ng negosyo sa estadong maliban sa Washington. Magsasaliksik muna bago sundin ang payo na iyon! Kung pinapatakbo mo ang iyong negosyo sa Washington, kakailanganin mong magrehistro sa Washington. Kung gagawin mo ang paunang pagpaparehistro sa ibang estado, kakailanganin mong magparehistro sa Washington bilang “banyagang entidad.” Hindi ka makakatipid ng anuman sa pagpaparehistro sa estado, paglilisensya, at mga gastos sa buwis para sa iyong pagpapatakbo sa Washington, ngunit magkakaroon ka ng mga karagdagang gastos mula sa ibang estado.
- Tukuyin kung sino ang iyong magiging “[rehistradong ahente](#),” ang taong nakabase sa Washington na tatanggap ng iyong opisyal na serbisyo ng mga abiso sa proseso at entidad ng negosyo. Maaari itong ikaw, ang iyong abogado, o panlabas na partido.
- Gumawa ng “Mga Artikulo ng Pagsasama (Articles of Incorporation)” (korporasyon) o “Sertipiko ng Pagbuo (Certificate of Formation)” (kompanyang may limitadong pananagutan), at ihain ang mga ito sa tanggapan ng Kalihim ng

Estado. Maaaring gawin ang paghahain sa Kalihim ng Estado sa

<https://www.sos.wa.gov/corporations-charities>.

- Sa pamamagitan ng paghahain, matatanggap mo ang iyong Pinag-isang Pantukoy ng Negosyo (Unified Business Identifier, UBI) sa Estado ng Washington, o numero ng UBI (numero ng pagkakakilanlan ng negosyo sa estado). Tandaan: tiyaking gamitin ang ibinigay na numero ng UBI kapag nakikipag-ugnayan sa ibang ahensya ng estado.
- Gumawa ng dokumento ng pamamahala para sa iyong entidad: "Mga Regulasyon (entidad ng korporasyon)"; "[Kasunduan sa Pagpapatakbo](#) (Operating Agreement)" (entidad ng limitadong pananagutan); o "[Kasunduan sa Pakikipagsosyo](#) (Partnership Agreement)" (limitadong pakikipagsosyo).

6. Tukuyin ang lokasyon ng iyong negosyo

Maaaring may malinaw na lokasyon ang iyong negosyo, gaya ng nagtitinging tindahan, restaurant o tanggapan ng practitioner, o maaaring mobile o nakabatay sa Web ito.

Anuman ito, para malisensyahan ang iyong negosyo, kakailanganin mong tumukoy ng pisikal na lokasyon. Isaalang-alang ang sumusunod kapag tinutukoy kung saan ilalagay ang iyong negosyo:

- Magiging kaakit-akit ba sa iyong mga customer ang lokasyon?
- Naisip mo na ba ang lahat ng gastos sa pagsisimula at pagpapatakbo na nauugnay sa site sa iyong plano sa negosyo?
- Angkop bang na-zone ang lokasyon?
- Kung may kasamang [upa](#) ito, ano ang magiging mga tuntunin?
- Anong mga espesyal na permiso, kung mayroon man, ang kakailanganin sa lokasyong iyon?
- Kung nakabase sa bahay, anong mga paghihigpit ang ipapataw ng iyong [lungsod o bayan](#), [county](#), o asosasyon ng may-ari ng bahay sa iyong negosyo?

7. Kunin ang iyong numero ng pederal na buwis at isaalang-alang ang mga opsyon sa paghahain ng pederal na buwis (mga LLC at korporasyon)

Kung sole proprietorship o LLC na may nag-iisang may-ari ang iyong negosyo at wala kang empleyado, maaari mong gamitin ang iyong Numero ng Social Security bilang pederal na numero ng pagkakakilanlan ng negosyo, bagama't maraming may-ari ng

negosyo ang pinipiling hindi gawin ito para sa mga dahilan ng pagiging kumpidensyal. Kung hindi, kakailanganin mong kumuha ng [pederal na numero ng ID](#) (tinatawag ding numero ng ID ng nagbabayad ng buwis at numero ng ID ng employer).

Ang form ng pederal na buwis para sa [mga sole proprietorship](#) ay 1040-Schedule C, at Form 1065 para sa [mga pakikipagsosyo](#). Para sa mga karaniwang [korporasyon](#), sa Form 1120 ang paghahain ng buwis. Kung gusto mong ituring bilang [S-corporation](#) (Form 1120S para sa pass-through na pagbubuwis), dapat mong kompletuhin ang [Form 2553 – Pagpili ng Korporasyon ng Maliit na Negosyo](#) sa loob ng 75 araw mula sa pagbuo ng iyong negosyo (tingnan ang [Mga Tagubilin ng Form 2553](#)). Hindi kinikilala ng IRS ang mga LLC bilang klasipikasyon para sa mga layunin ng buwis. Ang [Mga LLC](#) ay nagde-default bilang sole proprietorship na pagbubuwis kung iisa ang may-ari, at pagbubuwis sa pakikipagsosyo kung higit sa isa ang may-ari. Gayunpaman, maaaring piliin ng mga LLC na ituring bilang karaniwan o S-corporation para sa mga layunin ng pederal na buwis sa pamamagitan ng [Form 8832 ng IRS](#). Kumonsulta sa iyong propesyonal sa buwis para sa karagdagang impormasyon at payo.

8. Kumuha ng mga kinakailangang lisensya at permiso

Karamihan sa mga negosyo ay kinakailangang maging lisensyado sa parehong estado at lokal na antas, at marami rin ang nangangailangan ng [lisensya sa pagiging propesyonal](#). Malamang na kakailanganin mo ng mga lisensya sa bawat lokasyon kung saan ka nagnenegosyo; hindi lang kung saan ka nakabase. Gayundin, nangangailangan ng karagdagang mga permiso ang ilang negosyo.

Isang kapaki-pakinabang na tool ang online na [Business Licensing Wizard](#) (Wizard sa Paglilisensya ng Negosyo) Gamitin ito para matutuhan ang mga kinakailangan sa paglilisensya at pagkuha ng permiso para sa iyong partikular na negosyo. Ilagay ang iyong nilalayong aktibidad sa negosyo, lokasyon, at iba pang mahahalagang impormasyon, at makatanggap ng online na listahan ng mga partikular na lisensya at permiso na malamang na kakailanganin.

- Kapag naghain ka ng iyong [Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo](#) sa Washington, maging handa para tugunan ang sumusunod:

- Kung gugustuhin mo ba ang coverage ng insurance sa kawalan ng trabaho para sa mga opisyal ng korporasyon. Awtomatikong hindi kasama sa insurance sa kawalan ng trabaho ang mga opisyal na nagbibigay ng mga serbisyo sa Washington maliban kung partikular na humiling ang employer na saklawin sila. Kung gusto mong saklawin ang iyong mga opisyal sa korporasyon, dapat kang magsumite ng Form ng Boluntaryong Pagpili. Alamin ang higit pa [dito](#).
- Pangkalahatang impormasyon ng negosyo kabilang ang pisikal na lokasyon at pagmamay-ari.
- Paunang pagtatantya ng iyong inaasahang kabuuang taunang kita.
- Kung balak mong kumuha ng mga empleyado sa loob ng 90 araw mula sa pagsisimula.
- Kung gusto mo ng [opsyonal na coverage sa kabayaran ng mga manggagawa](#) para sa mga may-ari ng negosyo.
- Ang [Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo](#) ay ang form ng lisensya sa negosyo ng estado at nagtatatag ng iyong mga account sa maraming ahensya ng estado ng Washington, kabilang ang Departamento ng Kita, Seguridad sa Pagtatrabaho, at Trabaho at Mga Industriya. Maaaring makuha ang ilang [lokal](#) at [espesyal](#) na lisensya sa pamamagitan ng paggamit ng Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo. Sundin ang mga link sa itaas para sa impormasyon sa mga bayad sa lokal at espesyal na lisensya.
- Para sa impormasyon tungkol sa mga lokal na lisensya na HINDI pinangangasiwaan sa pamamagitan ng Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo, makipag-ugnayan sa bawat [lungsod o bayan](#) kung saan ka magsasagawa ng negosyo.
- Nangangailangan ang ilang negosyo ng mga lisensya sa pagiging propesyonal, gaya ng mga arkitekto, inhinyero, provider ng pangangalagang pangkalusugan, tagapayo, abogado, CPA, atbp. Para sa impormasyon at mga kinakailangan, makipag-ugnayan sa [awtoridad sa paglilisensya](#) para sa propesyon na iyon.
- Mangangailangan ang mga negosyong nauugnay sa pagkain (gaya ng mga restaurant, coffee stand, caterer, mga tagagawa ng produktong pagkain, atbp.) ng mga permiso sa kusina at nangangasiwa ng pagkain. Makipag-ugnayan sa [departamento ng kalusugan ng iyong county](#). Mangangailangan ang mga manufacturer at tagaproseso ng pagkain at inumin ng lisensya mula sa [Departamento ng Agrikultura ng Washington](#). Kung plano mong magbenta, mag-serve, o gumawa ng mga inuming may alkohol, makipag-ugnayan sa

[Lupon sa Alak at Cannabis ng Estado ng Washington](#) para malaman kung anong uri ng lisensya ang kailangan mong i-apply. Para sa mga produktong may cannabis, kakailanganin mo ng lisensya sa cannabis. Makipag-ugnayan sa [Serbisyo sa Paglilisensya ng Negosyo](#) para sa karagdagang impormasyon kung paano mag-apply. Para sa tulong sa pagbubukas ng restaurant sa Seattle, bisitahin ang [site ng restaurant ng Seattle](#).

- Dapat [nakarehistro bilang mga kontratista](#) ang mga negosyo sa kalakalan sa konstruksyon, na nangangailangan ng pag-bond at insurance. Mangyaring malaman na kailangang nakarehistro ka bilang kontratista kahit na sa pag-market o pag-bid ng trabaho sa pagtatayo.
- Maaaring mangailangan ng pagpaparehistro ng kontratista ang ilang negosyo ng serbisyo kung nasasaklaw ng mga serbisyo ng mga ito ang [mga espesyal na kontratista](#). Mga halimbawa: (a) Humahakot ang mga tagahakot ng basura ng mga dumi sa konstruksyon; (b) mga serbisyo sa pagpapanatili ng damuhan na nagbabago sa mga taniman ng bulaklak, pagbuo ng mga daanan, pagtatanim ng mga halaman, pagputol ng mga sanga gamit ang mas malakas na bagay kaysa sa mga lopper, o paggamit ng mga kagamitang gumagamit ng kuryente para tanggalin ang mga hindi gustong halaman; (c) mga serbisyo sa paglilinis na nag-aalis ng mga dumi sa konstruksyon kapag naglilinis ng bagong konstruksyon; (d) mga serbisyo ng pressure washing na naglilinis ng mga gusali o deck. Mayroong minimum na \$1,000 na multa para sa pagsasagawa ng mga serbisyo ng kontratista kapag walang rehistro ang kontratista. Mga paglalarawan ng mga [klasipikasyon ng espesyal na kontratista](#).
- Maaaring mangailangan ng mga permiso sa antas ng county at/o estado ang mga negosyong may epekto sa kapaligiran. Ang karamihan sa mga permismo ay pinamamahalaan ng Kagawaran ng Ekolohiya ng Washington o lokal na departamento ng county sa pagpapalano. Ang magandang pagsisimulan para magkaroon ng direksyon at tulong ay makipag-ugnayan sa [Tanggapan para sa Panregulasyong Pagbabago at Tulong](#) ng estado para sa higit pang impormasyon.
- Dapat lisensyado ang mga establisyimento ng panuluyan gaya ng mga hotel at motel sa pamamagitan ng [Departamento ng Kalusugan](#) ng estado.
- Dapat lisensyado ang mga negosyong nagbibigay ng pangangalaga sa tirahan at negosyong nagbibigay ng mga serbisyonang medikal at pangkalusugan sa pamamagitan ng [Departamento ng Kalusugan](#) ng estado.

- Dapat lisensyado ang mga negosyo sa pangangalaga ng bata sa pamamagitan ng [Departamento ng Mga Bata, Kabataan at Pamilya](#) ng estado.

9. I-set up ang iyong mga pagpapatakbo

- Maaari kang mag-set up ng bank account gamit ang iyong pederal na numero ng ID, numero ng UBI ng estado, iyong dokumento sa pamamahala kung ikaw ay korporasyon (bylaws) o LLC (kasunduan sa pagpapatakbo), at kaunting pera. Kapag pumipili ng bangkong pinakamahusay na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan, isaalang-alang ang:
 - Access sa kredito (pautang, credit card).
 - Mga produkto at serbisyo ng negosyo at mga halaga ng mga ito.
 - Kaghinhawaan (lokasyon at oras).
 - Mga ugnayan sa tauhan.
- Tiyaking nauunawaan ang mga kinakailangan sa regulasyon at buwis, kabilang ang mga item na nakalista sa ibaba (tandaan: matutulungan ka ng kabanatang [PATAKBUHIN ang Iyong Negosyo](#)):
 - Serbisyo sa Rentas Internas ng U.S. - buwis sa kita, buwis sa Social Security, Medicare, pederal na buwis sa kawalan ng trabaho.
 - Departamento ng Kita ng Washington - buwis sa negosyo at trabaho, buwis sa pagbebenta, buwis sa paggamit, espesyal na buwis.
 - Departamento ng Paggawa at Mga Industriya ng Washington - paglilisensya ng kontratista, kabayaran ng mga manggagawa, mga batas sa sahod at oras.
 - Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Washington - buwis sa kawalan ng trabaho ng estado, pagkolekta ng premium sa Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban.
 - Ang iyong county - buwis sa ari-arian, mga kinakailangan na nauugnay sa pagkain, mga kinakailangan sa kapaligiran.
 - Iyong mga lungsod, bayan at county - mga pag-renew ng lisensya, ordinansa ng signage, mga paghihigpit sa pagsosona, buwis sa lokal na negosyo at trabaho.
- Para mapadali at mapabilis ang proseso ng aplikasyon at pagkuha ng permiso, bumuo ang Departamento ng Komersyo ng Washington ng [Roadmap ng Regulasyon](#) (Regulatory Roadmap) para sa mga partikular na industriya. Kabilang dito ang mga restaurant (Seattle, Tacoma, Spokane at Spokane Valley),

mag-manufacture (Arlington, Lynnwood at Marysville – paparating na sa Piece County at Sumner) at pagkokontrata (Kennewick).

- I-set up ang iyong sistema sa accounting, na mas mabuti kung sa tulong ng accountant o bihasang bookkeeper.
- Secure na insurance sa negosyo.
- Magpasya sa mga benepisyong ng empleyado, tulad ng insurance sa kalusugan (tingnan ang seksyon [7. Insurance sa Kalusugan](#) sa ilalim ng seksyong “Planuhin ang Iyong Negosyo.”
- Kung gusto mong maging sertipikado ang iyong negosyo bilang [babae, minorya o negosyong may disbentahe sa ekonomiya](#), o [negosyong pagmamay-ari ng beterano](#), kompletuhin ang papeles ng sertipikasyon.

10. Mag-hire ng mga empleyado

- Maghanda sa pag-hire ng mga empleyado, kung kinakailangan. Kritikal para sa matagumpay na paglago ang pagkakaroon ng mga empleyadong may mga tamang katangian at kasanayan para sa iyong negosyo. May mga mapagkukunan para matulungan ka sa pagpapalano ng trabaho, kabilang ang [Impormasyon sa Merkado ng Trabaho](#).
- Maaaring makatulong sa iyo ang pag-aalok ng mga benepisyong pangkalusugan o pagsuporta sa mga empleyado sa paghahanap ng indibidwal na coverage sa kalusugan para mag-recruit at makapagpanatili ng mga dekalidad na empleyado. Matuto nang higit pa tungkol sa iyong mga opsyon sa pamamagitan ng [Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan ng Washington](#).
- Mayroon ding mga programa para matulungan kang maghanap at magsanay ng mga kwalipikadong empleyado.
 - Maaaring magbigay ang [WorkSource](#) ng mga aplikanteng bihasa at handang magtrabaho.
 - Maaaring makatulong ang mga job fair at [libreng pag-post ng trabaho online](#) para madagdagan ang bilang ng iyong mga aplikante.
 - Maaaring makatulong ang [mga kredito sa buwis](#) na bawasan ang gastos ng mga bagong empleyado.
 - Mga opsyon para sa tulong sa [pagsasanay ng empleyado](#).
 - [Mga subsidyo sa sahod para sa pagsasanay sa trabaho](#).
 - Mga mapagkukunan ng pagsasanay ng empleyado - [Career Bridge](#)
 - [Mga programa sa pagiging apprentice](#)

- [Pagiging Apprentice sa WorkSource](#)
- [Mga empleyadong nag-aaral at nagtatrabaho](#)
- Kung naitala mo sa form na magha-hire ka ng mga empleyado, ipapasa ang impormasyon mula sa iyong Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo sa Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho para mag-set up ng account sa buwis sa kawalan ng trabaho ng estado, at sa Departamento ng Paggawa at Mga Industriya para mag-set up ng account sa insurance ng kabayaran ng mga manggagawa at ibigay ang iyong permiso sa pagpapatrabaho ng menor-de edad, kung naaangkop. Magkakaroon ka ng kada quarter na mga responsibilidad sa paghahaon sa parehong ahensya, kasama ang IRS (tingnan ang kabanatang [PATAKBUHIN ang Iyong Negosyo](#) ng Gabay sa Maliit na Negosyo).
- Kailangang kompletuhin ng bawat bagong empleyado ang pederal na [I-9 Employment Eligibility Verification Form](#) (Form ng Beripikasyon sa Pagiging Kwalipikado sa Trabaho) sa loob ng tatlong araw mula sa pag-hire at ang [W-4 Form](#) ng Serbisyo sa Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS).
- Kakailanganin mo ring iulat ang bawat bagong na-hire na empleyado at muling na-hire na empleyado sa pamamagitan ng [Programa sa Pag-uulat ng Bagong Na-hire](#) ng Dibisyon ng Suporta sa Bata ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan sa loob ng 20 araw mula sa pag-hire. Madali ang pag-uulat at maaaring gawin online sa pamamagitan ng secure na web portal na, [Secure na Access sa Washington \(Secure Access Washington, SAW\)](#) gamit ang Mga Online na Serbisyo ng Dibisyon ng Suporta sa Bata (Division of Child Support Online Services, DCSOnline). Kung wala ka pang account sa SAW, kakailanganin mong mag-sign up at idagdag ang serbisyo ng DCS Online. Para magsumite ng ulat sa bagong na-hire, kailangang ibigay ng employer ang kanyang pangalan, address at Pederal na Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer (Federal Employer Identification Number, FEIN). Kakailanganin din nila ang impormasyong makikita sa W-4 Form ng empleyado, kasama ang kanilang pangalan, address at Numero ng Social Security (Social Security Number, SSN), kasama ang petsa ng pag-hire at petsa ng kapanganakan ng empleyado. Makipag-ugnayan sa **Team sa Pakikipag-ugnayan sa Employer ng DCS** sa **800-562-0479** kung kailangan mo ng tulong o may mga tanong ka.
- Ang pagtatrabaho ay isang bahaging may maraming regulasyon, kabilang ang minimum na sahod, bayad sa overtime, pagliban at mga benepisyo, mga

akomodasyon sa pagbubuntis, pagpapatrabaho ng mga menor-de-edad at miyembro ng pamilya, kaligtasan sa lugar ng trabaho, atbp.

- Madalas na hindi nauunawaang bahagi ang paggamit ng mga independiyenteng kontratista. Maliban kung ang indibidwal ay tunay na nasa negosyo para sa kanyang sarili, may lisensya, naghain ng mga pederal at pang-estadong buwis bilang negosyo, aktibong nagma-market, may maraming kliyente/customer, at gumagawa ng trabahong wala sa iyong normal na aktibidad sa negosyo, maaaring kakailanganin ng mga pederal at pang-estadong batas na tratuhin bilang empleyado ang indibidwal.
- Ang pagtatrabaho ay isa ring bahaging may malalaking responsibilidad sa pagpapanatili ng rekord at sa buwis. Mahalagang maunawaan mo ang mga regulasyon at gastos na iyon habang pinaplano at pinapatakbo mo ang iyong negosyo.

Batas sa Trabaho

- [Mga batas sa pasahod at oras \(tulad ng minimum na sahod, overtime, pahinga, atbp.\)](#)
- [Mga kinakailangan sa poster ng lugar ng trabaho](#)
- [Pagpapatrabaho ng mga menor-de-edad](#)
- [Mga Batas sa Hindi Pandidiskrimina](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(Trabaho at Mga Industriya\)](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(Seguridad sa Pagtatrabaho\)](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(IRS\)](#)
- [Kaligtasan sa lugar ng trabaho](#) (kabilang ang kinakailangang nakasulat na programa sa pag-iwas sa aksidente)
- [Pederal na mga buwis sa payroll](#)
- [Mga Batas sa Pagkuha ng Bahagi ng Kita para sa Suporta sa Bata \(Child Support Withholding Laws\)](#)
- Mga paghihigpit sa [mga kasunduan sa hindi pakikipagkompetensya](#), [kasaysayan ng sahod](#), at [paglilihim sa sahod](#)
- [Proteksyon ng manggagawang nag-iisa sa trabaho](#)
- [Mga Pagbabago sa Mga Panuntunan sa Overtime](#)
- [Batas sa Pantay na Sahod at Mga Oportunidad \(Equal Pay & Opportunities Act\)](#)

Mga Benepisyo ng Manggagawa

- [Mga buwis sa kawalan ng trabaho ng estado](#)
- [Insurance sa kabayaran ng mga manggagawa](#)

- [Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan ng Washington](#)
- [Washington Healthplanfinder](#)
- [Bayad na Pagliban dahil sa Pagkakasakit](#)
- [Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban](#)
- [Iba pang Uri ng Pagliban](#)
- [Marketplace ng Pagreretiro](#)

Tandaan: Kung mayroon kang mga manggagawa sa Seattle, Tacoma o SeaTac, suriin ang pinakamababang sahod at iba pang kinakailangan sa pagtatrabaho sa iyong lungsod.

11. Buksan ang iyong mga pinto

Binabati kita - at suwertehin ka sana!

12. Kailangan ng tulong?

Matutulungan ka ng [Mga Liaison ng Maliit na Negosyo](#) ng Estado ng Washington na makakuha ng impormasyon at mga mapagkukunang kailangan mo. Tulungan din kaming mas mapabuti ang Gabay sa Maliit na Negosyo sa pamamagitan ng pagsagot ng maikli at kumpidensyal na [survey](#).

Mayroon ding mahuhusay na mapagkukunan ang website ng [Startup](#) ng Commerce, kabilang ang mga artikulo, teknikal na tulong at mga seksyong partikular sa mga negosyong pagmamay-ari ng kababaihan at pagmamay-ari ng beterano.

I-PAYROLL



ang iyong negosyo

CLOSE



GROW



RUN



OPEN



START



PLAN



I-PAYROLL ang iyong negosyo

1. Ano ang payroll?

Ang ibig sabihin ng "Payroll" ay ang mga pagbabayad sa mga empleyado, kung saan kinakailangang iulat ang mga pagbabayad na iyon sa mga ahensya ng estado at pederal na pamahalaan, gaya ng IRS, Pangasiwaan ng Social Security, Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Washington, at Departamento ng Paggawa at Mga Industriya ng Washington.

2. Kailangan ko ba ng payroll?

Itinuturing na "mga empleyado" ang karamihan sa mga indibidwal na hina-hire mo ayon sa batas. Kabilang dito ang:

- Mga pansamantalang manggagawa
 - Maliban kung na-hire sa pamamagitan ng kompanyang may mga pansamantalang serbisyo at nasa kanilang payroll ang manggagawa
- "Kaswal na pagtatrabaho" at maraming "1099 na manggagawa"
- Tumatanggap ang mga kaibigan, kamag-anak, at iba pa ng anumang bagay na may halaga sa pera kapalit ng kanilang trabaho
- Maraming independiyenteng kontratista
 - Dapat matugunan ng mga independiyenteng kontratista ang mga partikular na kinakailangan para maituring na hindi kasama sa mga batas sa pagtatrabaho.
 - Mayroong ilang batas na tumutukoy sa mga independiyenteng kontratista at may iba't ibang kinakailangan ang bawat isa.
 - Hindi mo maaaring ipagpalagay na ang taong nakakatugon sa kahulugan ng independiyenteng kontratista at hindi kasama sa isang hanay ng mga batas sa pagtatrabaho ay masasabi na ring hindi kasama sa iba pang batas.
 - Nasa sa iyo ang pasanin na patunayang hindi empleyado o manggagawang may karapatan sa coverage ng kabayaran sa kawalan ng trabaho o kabayaran ng mga manggagawa ang taong nagtatrabaho para sa iyo.
 - Mga batas sa independiyenteng kontratista na nakakaapekto sa mga responsibilidad sa buwis sa payroll
 - [Serbisyo sa Rentas Internas ng U.S.](#)
Para matukoy kung mayroon kang mga responsibilidad sa mga buwis sa



Social Security at Medicare, kinakaltas sa kita sa buwis, mga pederal na buwis sa kawalan ng trabaho, at pag-uulat ng W-2

- [Departament ng Trabaho at Mga Industriya](#)
Para matukoy kung mayroon kang mga responsibilidad sa pagbibigay ng insurance sa kabayaran ng mga manggagawa
- [Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho](#)
Para matukoy kung mayroon kang mga responsibilidad sa mga buwis sa kawalan ng trabaho ng estado
- [Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban](#)
Para matukoy kung mayroon kang mga responsibilidad para sa paglahok sa programa
[Ang Pondo para sa WA](#)
Para malaman kung kwalipikado ka para sa benepisyo, tingnan ang mga kinakailangan sa mga kontribusyon.



3. Maaari ko bang pangasiwaan ang payroll sa sarili ko lang, o kailangan ko ba ng propesyonal?

- Hindi naman mahirap ang mga kalkulasyon ng payroll at kaugnay na buwis; gayunpaman, malaki ang mga responsibilidad sa pagpapanatili ng rekord, paghahain at pagbabayad.
- Ang pag-aaral ng lahat ng kailangan mong malaman, pagsubaybay sa mga pagbabago, at paglalaan ng oras na kinakailangan para matugunan ang iyong mga kinakailangan ay oras na hindi mo ginugugol sa pagbuo ng iyong negosyo.
- Kung magha-hire ang negosyo ng isang tao lamang sa unang bahagi ng isang taon, magkakaroon ng 18 form na kokompletuhin sa taong iyon, kasama ang legal na responsibilidad para sa paglikha at pagpapanatili ng mga rekord ng trabaho at payroll. Napakaraming dapat subaybayan!
- Dahil sa lahat ng kinakailangan at oras na kakailanganin, maraming negosyo ang nakikipagkontrata sa mga bookkeeper, accountant o mga serbisyo ng payroll para pangasiwaan ang proseso at kinakailangang pag-uulat para sa kanila.
- Mangyaring huwag palampasing makipagtulungan nang masinsinan sa iyong mga propesyonal sa payroll dahil responsibilidad pa rin ng mga may-ari ng negosyo ang katumpakan, pagiging kompleto at pagiging maagap ng mga kalkulasyon ng payroll at kaugnay na buwis.

4. Ano ang mga responsibilidad sa pag-uulat ng payroll at sa buwis ng mga employer?

Ibinubuod sa tsart na ito ang karamihan sa mga responsibilidad. Sinusundan ng mga detalyadong paliwanag ang tsart.

Kinakailangan (sa pagkakasunod- sunod ng oras ng	Layunin	Pagkilos	Ahensya
<u>W-4 Form</u> (kokompletuhin ng empleyado bago ang unang payroll; maaaring kompletuhin ang mga bagong form	Kailangan para sa impormasyon ng empleyado at para matukoy ang pederal na pagkaltas sa kita para sa buwis	Panatilihing naka-file	Serbisyo sa Rentas Internas ng U.S
<u>I-9</u> (kokompletuhin ng parehong empleyado at employer sa loob ng 3 araw mula sa pag-	Kailangang magbigay ng patunay ng pagiging kwalipikado ng isang empleyado na magtrabaho sa U.S.	Panatilihing naka-file	Departamento ng Homeland Security ng U.S.
<u>Form ng Abiso ng Bayad na Pagliban ng Empleyado dahil sa Pagkakasakit</u> (kokompletuhin ng empleyado at	Kinakailangang magbigay ng abiso ng karapatan ng empleyado sa bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit	Bigyan ng kopya ang empleyado at panatilihing naka-file ang kopya	Departamento ng Paggawa at Mga Industriya ng Washington
<u>Pag-uulat ng Bagong Na-hire</u> (kokompletuhin ng employer sa loob ng 20 araw mula sa pag-hire o muling pag-hire)	Tinutukoy ng ahensya kung may kaso sa pagsuporta sa bata ang empleyado at nagbabahagi din ito ng bagong impormasyon sa pag-hire sa Seguridad sa Pagtatrabaho at	online , mag-fax sa DSHS (800-782-0624) o tumawag sa DSHS (800-562-0479)	Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan ng Washington





Kinakailangan (sa pagkakasunod- sunod ng oras ng pagkilos)	Layunin	Pagkilos	Ahensya
<u>Elektronikong Sistema sa Pagbabayad ng Pederal na Buwis ng IRS</u> (Electronic Federal Tax Payment System EFTPS)	Kailangan ng account para magbayad ng mga pederal na buwis.	Mag-set up ng account	Serbisyo sa Rentas Internas ng U.S
<u>Form 941 ng IRS</u> - Kada Quarter na Pagbabayad ng Pederal na Buwis ng Employer (1 bawat quarter sa kalendaryo bawat employer)	Iulat ang mga kita ng empleyado, binayang buwis sa Social Security at Medicare ng employer at empleyado, at binayang buwis sa kita ng empleyado.	Magpadala ng mga form kada quarter sa IRS sa pamamagitan ng mail (dapat bayaran sa 4/30, 7/31, 10/31, 1/31). Magpadala ng bayad gamit ang online na sistema ng IRS na EFTPS	Serbisyo sa Rentas Internas ng U.S
<u>Ulat sa premium ng kabayaran ng mga manggagawa</u> (1 bawat quarter sa kalendaryo bawat employer)	Insurance sa kompensasyon ng mga manggagawa para sa mga medikal na gastos at gastos sa pagpapalit ng sahod kung nasugatan sa trabaho.	Kompletuhin at magbayad online sa www.lni.wa.gov (dapat bayaran sa 4/30, 7/31, 10/31, 1/31)	Departamento ng Paggawa at Mga Industriya ng Washington
<u>Ulat ng buwis sa kawalan ng trabaho ng estado</u> (1 bawat quarter sa kalendaryo bawat employer)	Mga benepisyo sa kawalan ng trabaho para sa mga empleyadong nawalan ng trabaho.	Kompletuhin at magbayad online sa esd.wa.gov (dapat bayaran sa 4/30, 7/31, 10/31, 1/31)	Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Washington
Ulat sa <u>Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban</u>	Bayad na pagliban para sa empleyado para alagaan ang kanyang sarili o ang kanyang pamilya	Kompletuhin at magbayad online sa paidleave.wa.gov (dapat bayaran sa 4/30, 7/31, 10/31, 1/31)	Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Washington



Kinakailangan (sa pagkakasunod- sunod ng oras ng pagpapadala)	Layunin	Pagkilos	Ahensya
Form 940 ng IRS - Taunang Pederal na Pagbabayad ng Buwis sa Kawalan ng Trabaho ng Employer	Nagbabayad para sa pangangasiwa ng pambansang programa ng insurance sa kawalan ng trabaho	Magpadala ng form sa IRS sa pamamagitan ng mail at magpadala ng bayad gamit ang online na sistema ng IRS bago ang 1/31 para sa naunang taon	Serbisyo sa Rentas Internas ng U.S
Form W-2 ng IRS - Pahayag ng Sahod at Buwis para sa bawat empleyado para sa taon sa kalendaryo	Kailangan ng mga empleyado ang form para maghain ng kanilang mga pederal na buwis sa kita. Pangangailangan ng IRS at Pangasiwaan ng Social Security para sa pagpapanatili ng rekord.	Bigyan ng tatlong kopya ang bawat empleyado bago sumapit ang 1/31 ng susunod na taon. Ipadala ang orihinal na may W-3 sa Pangasiwaan ng Social Security bago ang 2/28	Serbisyo sa Rentas Internas ng U.S. at Pangasiwaan ng Social Security
Form W-3 ng IRS, Pagpapadala ng Mga Pahayag ng Sahod at Buwis (Mga W-2 Form).	Mga pangangailangan ng Pangasiwaan ng Social Security para sa pagpapanatili ng rekord. Mga pangangailangan ng IRS para sa paghahambing ng Form 940 at 941.	Ipadala kasama ang Mga W-2 Form sa Pangasiwaan ng Social Security bago ang 2/28 ng susunod na taon.	Serbisyo sa Rentas Internas ng U.S. at Pangasiwaan ng Social Security

Mga pederal na buwis sa kita - binabayaran ng empleyado

- Kinakaltas ng mga employer ang mga buwis sa kita mula sa mga suweldo ng empleyado.
 - Nakabatay ang halaga ng kinakaltas sa kabuuang sahod ng bawat empleyado at sa pinakabagong [Form W-4](#) ng IRS na kinompleto ng empleyado.
 - Para sa halagang ikakaltas, tingnan ang mga talahanayan ng buwis sa [Publikasyon 15 – Gabay sa Buwis ng Employer](#) ng IRS.
- Magpadala ng mga halagang ikinaltas sa IRS sa elektronikong paraan gamit ang [EFTPS](#) (Elektronikong Sistema sa Pagbabayad ng Pederal na Buwis o Electronic Federal Tax Payment System) sa oras na dapat bayaran ito (karaniwang kada quarter o buwanan para sa maliliit na negosyo, depende sa kabuuang buwis)

- Isama ang impormasyon tungkol sa pagkaltas sa empleyado sa iyong Form 941 ng IRS – Kada Quarter na Pagbabayad ng Pederal na Buwis ng Employer. Mga takdang petsa ng Form 941:
 - Ika-1 Quarter - Abril 30
 - Ika-2 Quarter - Hulyo 31
 - Ika-3 Quarter - Oktubre 31
 - Ika-4 na Quarter - Enero 31 sa susunod na taon

TANDAAN: Hinihikayat ng IRS ang lahat na gamitin ang [Calculator ng Pagkakaltas](#) para magsagawa ng mabilisang “pagsusuri sa suweldo.” Tumutulong ang Calculator sa mga empleyadong tiyaking mayroon silang tamang halaga ng buwis na ikinaltas mula sa kanilang suweldo sa trabaho, at tumutulong itong matukoy nila kung kailangan nilang bigyan ang kanilang employer ng bagong [Form W-4](#), *Sertipiko ng Allowance sa Pagkaltas ng Empleyado*.

Mga pederal na buwis sa Social Security at Medicare – binabayaran ng empleyado at employer

- Ikakaltas ang 7.65% ng kabuuang sahod ng empleyado at iba pang kabayaran mula sa mga suweldo ng mga empleyado (gamitin ang parehong kabuuang halaga ng payroll na ginamit para sa pagtukoy ng pagkaltas ng buwis sa kita)
 - 6.2% para sa Social Security
 - 1.45% para sa Medicare
- Tumutugma ang bahagi ng employer sa halagang kinaltas mula sa empleyado.
- Binabayaran ng employer ang mga bahagi ng empleyado at employer sa IRS.
- Ipadala ang parehong halaga ng buwis ng empleyado at employer sa IRS sa elektronikong paraan gamit ang [EFTPS](#) (Elektronikong Sistema sa Pagbabayad ng Pederal na Buwis o Electronic Federal Tax Payment System) sa oras na dapat bayaran ito (karaniwang kada quarter o buwanan para sa maliliit na negosyo, depende sa kabuuang buwis)
- Isama ang impormasyon tungkol sa Mga Buwis sa Social Security at Medicare sa iyong [Form 941](#) ng IRS – Kada Quarter na Pagbabayad ng Pederal na Buwis ng Employer. Mga takdang petsa ng Form 941:
 - Ika-1 Quarter - Abril 30
 - Ika-2 Quarter - Hulyo 31
 - Ika-3 Quarter - Oktubre 31
 - Ika-4 Quarter - Enero 31 sa susunod na taon





Mga Pederal na Buwis sa Kawalan ng Trabaho (Federal Unemployment Taxes, FUTA) – binabayaran ng employer

- Kinakalkula ang buwis batay sa kabuuang sahod ng empleyado at iba pang kabayaran.
- Binabayaran ang FUTA hanggang sa umabot sa \$7000 ang sahod ng empleyado at iba pang kabayaran sa taon sa kalendaryo.
- Kung kumikita ang empleyado nang higit sa \$7000 sa taon sa kalendaryo, walang karagdagang buwis sa FUTA ang babayaran para sa taong iyon.
- Magpadala ng bayad sa buwis sa IRS sa elektronikong paraan gamit ang [EFTPS](#) (Elektronikong Sistema sa Pagbabayad ng Pederal na Buwis o Electronic Federal Tax Payment System) sa oras na dapat bayaran ito (karaniwang kada quarter o taon-taon para sa maliliit na negosyo, depende sa payroll).
- Kompletuhin ang [Form 940](#) ng IRS – Sa katapusan ng taon sa kalendaryo, kompletuhin ang Taunang Pederal na Pagbabayad ng Buwis sa Kawalan ng Trabaho ng Employer at isumite ito bago ang Enero 31 sa susunod na taon.

Pederal na Pahayag ng Sahod at Buwis (Form W-2) at Pagpapadala (Form W-3)

- Pagsapit ng Enero 31, bigyan ang bawat empleyado ng mga kopya ng kanilang W-2 Form, na nagbubuod sa mga kita ng empleyado at pederal na pagkakaltas para sa naunang taon sa kalendaryo.
- Kompletuhin ang [Form W-3](#) – Pagpapadala ng Mga Pahayag ng Sahod at Buwis, na nagbubuod sa lahat ng W-2 Form na ibinigay ng employer.
- Sa huling petsa ng Pebrero, ipadala ang Form W-3 at lahat ng orihinal na W-2 form para sa naunang taon ng kalendaryo sa Pangasiwaan ng Social Security.

Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban – binabayaran ng empleyado at employer

- [Kalkulahin](#) ang iyong mga premium gamit ang plano ng estado.
- Maaaring ikaltas ng mga employer ang premium ng mga empleyado mula sa kanilang mga suweldo o puwede nilang bayaran ang ilan sa o kabuuan ng premium sa ngalan ng mga empleyado.
- Hindi maaaring mangolekta ang mga employer ng mga napalampas na premium sa mga huling panahon ng pagbabayad.
- Kinakalkula ang mga premium batay sa kabuuang sahod ng empleyado.



- Pinaghahatian sa pagitan ng empleyado at karamihan ng mga employer ang mga premium.
- Nililimitahan ang mga premium sa Batayang Sahod sa Social Security.
- Gumawa ng account gamit ang numero ng UBI ng negosyo, pangalan ng negosyo at impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Maaaring mag-ulat ang mga employer sa pamamagitan ng [mano-manong paghahain](#), [iisang paghahain](#) o paghiling sa ahente ng employer na gumamit ng [ICESA file](#).
- Kompletuhin [ang mga kada quarter na ulat at magbayad online](#).
- Mga takdang petsa
 - Ika-1 Quarter – Abril 30
 - Ika-2 Quarter – Hulyo 31
 - Ika-3 Quarter – Oktubre 31
 - Ika-4 na Quarter – Enero 31 sa susunod na taon
- Maaaring sumunod ang mga employer sa aprubadong [boluntaryong plano](#) o puwede nilang gamitin ang plano ng estado. Maaaring iba ang mga kalkulasyon ng premium kung gumagamit ng boluntaryong plano.

Mga Buwis sa Kawalan ng Trabaho ng Estado (State Unemployment Taxes, SUTA)

– binabayaran ng employer

- Gamitin ang rate ng buwis na ibinigay sa iyo ng Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Washington.
- Binabayaran ang SUTA sa pamamagitan ng sahod at iba pang kabayaran, hanggang sa maximum bawat empleyado sa bawat taon sa kalendaryo (\$67,600 ang “batayang nabubuwisang sahod” para sa 2023).
- Kung kumikita ang empleyado nang higit sa batayang nabubuwisang sahod, walang karagdagang buwis ang babayaran para sa taong iyon.
- Kompletuhin [ang mga kada quarter na ulat at magbayad online](#).
- Mga takdang petsa
 - Ika-1 Quarter - Abril 30
 - Ika-2 Quarter - Hulyo 31
 - Ika-3 Quarter - Oktubre 31
 - Ika-4 na Quarter - Enero 31 sa susunod na taon

Mga premium ng insurance sa kabayaran ng mga manggagawa ng estado –

binabayaran ng employer at empleyado

- Gamitin ang rate o mga rate na ibinigay sa iyo ng Departamento ng Paggawa at Mga Industriya (Labor & Industries, L&I) ng Washington.
- Sa karamihan ng mga kaso, sa bawat oras ng pagtatrabaho ang mga rate, at nakabatay ang mga ito sa mga klase ng panganib na itinalaga ng L&I para sa uri ng iyong negosyo.
- Kalkulahin ang mga premium sa pamamagitan ng pag-multiply sa mga oras ng empleyado, gaya ng iniulat sa mga timesheet, ayon sa rate para sa naaangkop na klase ng panganib na itinalaga ng L&I.
- Huwag isama ang oras ng bakasyon, pagliban dahil sa pagkakasakit o mga oras ng holiday sa pagkalkula ng mga premium.
- Maaaring piliin ng mga employer na iulat ang mga oras ng sinasahurang empleyado sa 160 oras bawat buwan, o 480 oras bawat quarter. Kung pipiliin ng mga employer ang opsyong ito, dapat pangasiwaan sa parehong paraan ang lahat ng sinasahurang empleyado, at hindi kinakailangan ang mga timesheet para sa mga empleyadong iyon. (Kung nasa industriya ng trucking, mangyaring makipag-ugnayan sa L&I para sa mga espesyal na tagubilin.)
- Ikaltas ang pinapayagang bahagi ng empleyado (ibinigay ng L&I) mula sa mga suweldo ng iyong mga empleyado.
- Kompletuhin [ang mga kada quarter na ulat at magbayad online](#).
- Mga takdang petsa
 - Ika-1 Quarter - Abril 30
 - Ika-2 Quarter - Hulyo 31
 - Ika-3 Quarter - Oktubre 31
 - Ika-4 na Quarter - Enero 31 sa susunod na taon

Pondo para sa Washington Cares – binabayaran ng empleyado

- Simula sa Hulyo 1, 2023, mangongolekta ka ng mga premium mula sa iyong mga empleyado sa parehong paraan na ginagawa mo ngayon para sa Bayad na Pagliban.
- Kung self-employed ka, maaari mong piliing mag-opt in.
- Kalkulahin ang kabuuang halaga ng premium para sa bawat isa sa iyong mga empleyado. Ang premium para sa 2023 ay 0.58 porsyento ng kabuuang sahod ng empleyado, kaya: $\text{Kabuuang Sahod} \times 0.0058 = \text{premium para sa empleyado}$.
[Calculator ng Premium](#)



- Maaaring piliin ng mga empleyado na mag-apply para sa pagbubukod mula sa Pondo ng WA Cares. Responsibilidad ng empleyado na mag-apply at kung maaaprubahan - abisuhan ka at bigyan ka ng kopya ng kanyang liham ng pag-apruba mula sa ESD.
- Kondisyonal ang iba pang kategorya ng pagbubukod sa patuloy na pagtugon ng empleyado sa mga kinakailangan ng iksemsyon. Responsibilidad ng empleyado na ipaalam sa kanyang employer ang anumang pagbabago sa kanyang katayuan sa pagbubukod at maaaring magresulta ang kabiguang gawin ito sa kinakailangang pagbabalik ng pagbabayad ng mga premium at karagdagang parusa.
- Dapat panatilihin naka-file ng mga employer ang isang kopya ng liham ng pag-apruba ng empleyado, at hindi dapat ibawas ang mga premium ng WA Cares mula sa mga manggagawang hindi kasama. [Magbasa pa tungkol diyan dito.](#)



Mayroon ka bang mga empleyadong nakabase sa Estado ng Washington?

- Sundin ang parehong mga pederal na kinakailangan
- Alamin at sundin ang mga kinakailangan para sa bawat estado kung saan mayroon kang mga empleyado.

5. Anong mga rekord ng payroll ang kailangan kong gawin at panatilihin?

- Mahalaga ang mga rekord ng payroll. Maraming ahensya ng gobyerno ang may karapatang tingnan at i-audit ang mga rekord ng payroll. Kung walang rekord, may awtoridad ang mga ahensya na tantyahin ang mga buwis na dapat bayaran, kasama ang pagtatasa ng mga parusa para sa hindi pagpapanatili ng mga rekord.
- Dapat itabi ang mga rekord ng payroll. May iba't ibang kinakailangan ang iba't ibang ahensya sa pagpapanatili ngunit sapat na ang 6 na taon.
- Kasama sa mga rekord ng payroll ang:
 - Impormasyon ng empleyado (pangalan, petsa ng pag-hire, titulo at mga tungkulin sa trabaho, address, numero ng social security, petsa ng pagbabago ng trabaho, petsa ng pagtatapos)
 - W-4 form para sa bawat empleyado



- Rate ng bayad
- Batayan ng sahod (oras-oras, buwanan, komisyon, bonus, rate bawat piraso, atbp.)
- Mga timesheet (kasama ang mga petsa at oras kung kailan nagtrabaho; isama ang aktibidad kung naangkop ang maraming klase ng panganib sa kabayaran ng mga manggagawa o "saklaw ng trabaho" ng kasalukuyang sahod)
- Hindi cash na kabayaran (tulad ng mga apartment, sasakyan, atbp.)
- Mga kalkulasyon ng bayad sa overtime
- Accrual, paggamit at balanse ng may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit. Kalkulahin ang naipon na oras ng pagkakasakit batay sa mga regular at overtime na oras kung kailan nagtrabaho. Ang minimum na kinakailangan ay 1 oras ng pagliban dahil sa pagkakasakit sa bawat 40 oras ng trabaho (o 0.025 na oras ng pagliban dahil sa pagkakasakit na nakukuha bawat oras ng trabaho).
- Mga kalkulasyon ng kabuuang payroll
- Mga ikakaltas na buwis mula sa empleyado
- Iba pang pagbabawas sa payroll na pinahintulutan ng empleyado (tulad ng medikal na insurance, mga membership sa gym, mga pangkawanggawang pagbabawas)
- Mga rehistro ng tseke ng payroll
- Mga rekord ng sahod ng empleyado (mga pay stub)
- Mga pahayag sa bangko
- Mga ulat at pagbabayad ng buwis

6. Anong mga rekord ng payroll ang kailangan kong gawin na ibibigay ko sa aking mga empleyado?

- Para sa bawat suweldo, kailangan mong bigyan ang empleyado ng naka-itemize na pahayag ng sahod, o stub ng tseke, na kinabibilangan ng sumusunod na impormasyon
 - Mga petsa ng panahon ng pagbabayad
 - Batayan at rate ng sahod (Kasama sa mga halimbawa ng batayan ang bayad sa bawat oras, sahod, bawat piraso, atbp.)
 - Kabuuang sahod
 - Mga naka-itemize na buwis at iba pang pagbabawas sa payroll

- Net na sahod (kabuuang sahod na binawasan ng mga pagbabawas)
- Ang accrual, paggamit at balanse ng pagliban dahil sa pagkakasakit (maaaring magbigay ng abiso nang hiwalay sa stub ng sahod. Kung mayroon kang mga empleyado na nagtatrabaho sa Seattle, Tacoma mangyaring suriin ang mga lokal na kinakailangan sa lungsod)
- Maaaring ibigay ang impormasyon sa elektronikong paraan kung maa-access ito ng empleyado sa itinakdang araw ng sahod.

Tandaan: Kung mayroon kang mga manggagawa sa Seattle, Tacoma o SeaTac, suriin ang pinakamababang sahod at iba pang kinakailangan sa pagtatrabaho sa iyong lungsod.

7. Ano ang kailangan kong ihanda bago mag-isyu ng mga tseke sa sahod?

- Magtatag ng karaniwang 7 araw na linggo ng trabaho para sa mga layunin ng pagkalkula ng overtime.
 - Pinipili ng maraming employer ang Lunes 12:00 a.m. hanggang Linggo 11:59 p.m.
 - Hindi maaaring baguhin ng mga employer ang kanilang karaniwang linggo ng trabaho para maiwasan ang pagbabayad ng overtime, ngunit maaari nilang baguhin ito para sa mga pangnegosyong kadahilanan kung magbibigay sila ng paunang abiso sa mga empleyado.
- Magtatag ng mga karaniwang panahon ng trabaho at araw ng sahod, nang kahit buwanan man lang.

Ilang halimbawa:

 - Lingguhan:
 - mula Lunes hanggang Linggo ang panahon ng sahod*
 - > sa susunod na Miyerkules ang araw ng sahod*
 - Tuwing dalawang linggo (biweekly):
 - mula Lunes hanggang ika-2 Linggo ang panahon ng sahod*
 - > sa susunod na Biyernes ang araw ng sahod*
 - Dalawang beses bawat buwan (kalahating buwan):
 - Unang panahon ng sahod ang una hanggang ika-15 ng buwan*
 - > ang araw ng sahod ay sa ika-25*



ika-2 panahon ng sahod ang ika-16 hanggang sa katapusan ng buwan

--> ang araw ng sahod ay sa ika-10 ng susunod na buwan

- Buwanang

panahon ng sahod sa ika-25 ng isang buwan hanggang sa ika-24 ng susunod

na buwan

--> sa ika-1 ng susunod na buwan ang araw ng sahod

- Magtatag ng batayan ng sahod
 - Oras-oras: Babayaran ng nakatakdang halaga para sa bawat oras ng pagtatrabaho
 - Sinasahuran: Babayaran ng nakatakdang halaga sa bawat panahon ng trabaho
 - Ang Sinasahuran bilang batayan ng sahod ay hindi nangangahulugang hindi kumikita ang empleyado ng bayad sa overtime kapag lumampas ang kanyang mga oras sa 40 oras sa isang linggo ng trabaho. Tingnan ang "pagkalkula ng overtime" sa ibaba
 - Kung binayaran nang dalawang beses bawat buwan o buwan-buwan, maaaring kailanganin sa iyo ng mga pagkalkula ng overtime na tingnan ang nakaraang panahon ng sahod para matukoy kung lumampas sa 40 sa isang linggo ng trabaho ang mga oras ng empleyado.
 - Kada Piraso: Magbabayad ng nakatakdang halaga para sa bawat item na ginawa o ibinigay na serbisyo
 - Komisyon: Babayaran ng porsyento ng mga benta o kinita
 - Hybrid: Babayaran ayon sa higit sa isang batayan

8. Ano pa ang kailangan kong malaman tungkol sa pagbabayad sa mga empleyado?

- Ibigay ang mga detalyeng ito sa iyong empleyado bawat araw ng sahod para ipakita kung paano mo kinakalkula ang kanyang suweldo:
 - Kabuuang sahod
 - Mga buwis na kinaltas
 - Iba pang pagbabawas sa payroll
 - [Accrual, paggamit at balanse ng bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit](#)





- Basahin ang web page ng [Mga Kinakailangan sa Sahod](#) ng Departamento ng Paggawa at Mga Industriya para maunawaan ang mga kinakailangan sa payroll ng employer.
- [Mga kwalipikadong empleyado](#) sa overtime kumpara sa mga manggagawang hindi kasama sa overtime:
 - Kwalipikadong tumanggap ng bayad sa overtime ang karamihan sa mga manggagawa para sa kanilang mga oras ng trabaho na lampas sa 40 oras sa isang linggo, sa rate na 1½ beses ng kanilang regular na rate ng sahod.
 - Para matukoy ang halaga ng bayad sa overtime para sa mga manggagawang binabayaran kada oras
 - Kunin ang bilang ng mga oras na nagtrabaho ang empleyado na lampas sa 40 oras.
 - I-multiply ang numerong iyon sa rate ng empleyado sa bawat oras
 - I-multiply ang resulta sa 1.5.
 - Para matukoy ang halaga ng bayad sa overtime para sa mga manggagawang binayaran nang dalawa o higit pang rate sa bawat oras, regular na sahod, o rate bawat piraso, basahin ang [Pagkalkula ng Overtime](#), mula sa Departamento ng Paggawa at Mga Industriya.
 - Ang mga pederal at pang-estadong batas ay nangangailangan sa iyo na magbayad ng overtime. Hindi maaaring piliin ng mga empleyadong kwalipikado para sa overtime ang magkaroon ng panahon ng pahinga bilang alternatibo.
 - Makakaapekto ang pagdaragdag ng bayad sa overtime sa mga kalkulasyon ng buwis sa payroll.
 - Tingnan ang web page ng [Pag-unawa sa Overtime](#) ng Departamento ng Paggawa at Mga Industriya para sa higit pang impormasyon.
 - Hindi kailangang magbayad ng overtime ang mga employer sa ilang manager, tagapangasiwa at propesyonal na may mataas na awtoridad sa paggawa ng desisyon, mga kinatawan ng pagbebenta sa labas, ilang tagapangalagang nakatira sa pinapasukan, ilang manggagawang bukid, at ilang iba pang uri ng manggagawa. Bago matukoy na hindi kasama sa overtime ang empleyado, basahin ang web page ng [Mga Trabahong Walang Bayad sa Overtime](#) ng L&I.
- Mga pagbabawas mula sa mga suweldo
 - Tingnan ang web page ng [Mga Pagbabawas sa Suweldo](#) ng L&I

9. Paano ko tatantyahin ang mga gastos sa payroll?

- Para kalkulahin ang halaga ng Benepisyo ng Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban ng estado ng Washington, gamitin ang calculator ng Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho.
 - Para sa mga employer: <https://paidleave.wa.gov/estimate-your-paid-leave-payments/>
 - Para sa mga empleyado: <https://paidleave.wa.gov/question/how-much-money-will-i-receive/>
- Gamitin ang online na "[Calculator ng Payroll](#)" para tantyahin ang mga gastos sa payroll (tingnan sa [ibaba](#)). Mayroong dalawang magkaibang calculator, isa para sa mga oras-oras na empleyado at isa para sa mga sinasahurang empleyado.
- Kakailanganin mong ilagay ang naaangkop na impormasyon sa mga puting cell. Awtomatikong kalkulahin ang mga may kulay na cell.
- Simula sa Enero 1, 2018, ang mga employer sa Washington ay kinakailangang magbigay sa kanilang mga empleyado ng may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit. Walang kasamang line-item ang calculator na ito para sa pagbabayad ng kinakailangang ito.
- Bilang karagdagan sa sahod o suweldo at mga oras na nagtrabaho, kakailanganin mo ring ilagay ang rate ng buwis ng insurance sa kawalan ng tarabaho (unemployment insurance, UI) ng estado na ibinigay ng Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho at ang rate ng insurance sa kabayaran ng mga manggagawa na ibinigay ng Departamento ng Paggawa at Mga Industriya.
 - Kung hindi mo pa alam ang iyong rate ng UI, maaari mong gamitin ang 2% bilang makatwirang pagtatantya, o makipag-ugnayan sa [Seguridad sa Pagtatrabaho](#) kung mahalaga ang katumpakan.
 - Kung hindi mo pa alam ang rate ng kabayaran ng mga manggagawa, maaari kang pumunta sa [Mga Uri ng Rate at Panganib](#) at hanapin ang rate para sa katulad na aktibidad ng negosyo, o tumawag sa L&I sa 360-902-4817 kung mahalaga ang katumpakan.



PAYROLL CALCULATOR - HOURLY EMPLOYEE

Employer payroll costs (one employee, one pay period)			
1	Hourly wage	\$ per hour	\$ 15
2	Hours at straight time	hours	80
3	Hours at overtime	hours	10
4	Base pay	line 1 x line 2	\$1,200.00
5	Overtime pay	line 1 x 1.5 x line 3	\$225.00
6	Gross payroll*	line 4 + line 5	\$1,425.00
7	Social Security	line 6 x rate 6.2%	\$88.35
8	Medicare	line 6 x rate 1.45%	\$20.66
9	Federal Unemployment Tax**	line 6 x rate 0.6%	\$8.55
10	State Unemployment Insurance Tax***	line 6 x rate 0%	\$0.00
11	Employment Administration Fund***	line 6 x rate 0%	\$0.00
12	Paid Medical Leave Premium****	line 6 x rate 0.4%	\$5.70
13	Workers' compensation premium*****	lines 2+3 x rate	\$ 0 \$0.00
14	Less employee share of wkrs' comp*****	lines 2+3 x rate	\$ 0 \$0.00
15	Employer paid benefits (if any)		\$ 0 \$0.00
16	Total employer cost		\$1,548.26
*Gross payroll should include value of noncash items, such as apartments and vehicles **If state unemployment taxes don't apply (such as in the case of exempt corporate officers), the federal unemployment tax rate is 6% (rather than 0.6%) of the first \$7000 of compensation per year ***UI and EAF tax rates provided to you by Employment Security Dept. ****Paid Family and Medical Leave premiums can be split between employer and employee. Employers can withhold up to 63.33% of the total premium. (0.004 * 6333) Employers with fewer than 50 employees are assessed less and should see paidleave.wa.gov for more details *****Employer and employee rates provided to you by Dept. of Labor & Industries			
Employee paycheck			
	Gross payroll	line 6	\$1,425.00
	Social Security	line 7	-\$88.35
	Medicare	line 8	-\$20.66
	Income Taxes	per tax tables	\$ 0 \$0.00
	Paid Family Leave Premium Maximum Withholding*	line 12 x rate 63.33%	-\$3.61
	Workers' comp - employee share	line 14	\$0.00
	Other voluntary deductions (if any)		\$ 0 \$0.00
	Net paycheck		\$1,312.38
*Paid Family and Medical Leave employee premiums are capped at 63.33% of the total premium. If an employer chooses to withhold employee portions of the premium, their contribution in the employer portion of this table would be less the employee's amount			

PAYROLL CALCULATOR - SALARIED EMPLOYEE

Employer payroll costs (one employee, one pay period)			
1	Salary	\$ per payperiod	\$ 1200
2	Regular hours	hours	80
3	Overtime hours	hours	10
4	Annualized salary		\$ 31200
5	Overtime rate	line 4 / 2080 x 1.5	\$22.50
6	Overtime pay	line 3 x line 5	\$225.00
7	Gross payroll*	line 1 + line 6	\$1,425.00
8	Social Security	line 7 x rate 6.2%	\$88.35
9	Medicare	line 7 x rate 1.45%	\$20.66
10	Federal Unemployment Tax**	line 7 x rate 0.6%	\$8.55
11	State Unemployment Insurance Tax***	line 7 x rate 0%	\$0.00
12	Employment Administration Fund***	line 7 x rate 0%	\$0.00
13	Paid Medical Leave Premium****	line 7 x rate 0.4%	\$5.70
14	Workers' compensation premium*****	lines 2+3 x rate	\$ 0 \$0.00
15	Less employee share of wkrs' comp*****	lines 2+3 x rate	\$ 0 \$0.00
16	Employer paid benefits (if any)		\$ 0 \$0.00
17	Total employer cost		\$1,548.26
*Gross payroll should include value of noncash items, such as apartments and vehicles **If state unemployment taxes don't apply (such as in the case of exempt corporate officers), the federal unemployment tax rate is 6% (rather than 0.6%) of the first \$7000 of compensation per year ***UI and EAF tax rates provided to you by Employment Security Dept. ****Paid Family and Medical Leave premiums can be split between employer and employee. Employers can withhold up to 63.33% of the total premium. (0.004 * 6333) Employers with fewer than 50 employees are assessed less and should see paidleave.wa.gov for more details *****Employer and employee rates provided to you by Dept. of Labor & Industries. For salaried employees, employers can calculate workers' compensation premiums on actual hours (as shown here), or a standard number of hours to total 480 hours per quarter (160 for monthly pay periods, 80 for semi-monthly, 74 for bi-weekly, 37 for weekly).			
Employee paycheck			
	Gross payroll	line 7	\$1,425.00
	Social Security	line 8	-\$88.35
	Medicare	line 9	-\$20.66
	Income Taxes	per tax tables	\$ 0 \$0.00
	Paid Family Leave Premium Maximum Withholding*	line 13 x rate 63.33%	-\$3.61
	Workers' comp - employee share	line 15	\$0.00
	Other voluntary deductions (if any)		\$ 0 \$0.00
	Net paycheck		\$1,312.38
*Paid Family and Medical Leave employee premiums are capped at 63.33% of the total premium. If an employer chooses to withhold employee portions of the premium, their contribution in the employer portion of this table would be less the employee's amount			

10. Ano ang iba pang responsibilidad ko bilang employer?

- Maraming responsibilidad ang mga employer na higit sa kung ano ang kinakailangan para sa payroll. Kabilang dito ang pagbuo at pagpapatupad ng [programa sa kaligtasan ng empleyado](#), [pagpapaskil ng mga kinakailangang poster](#), [pagbibigay ng mga panahon ng pahinga at pagkain](#), pagkuha ng permiso sa pagpapatrabaho ng menor-de-edad at mga awtorisasyon kapag kumukuha ng mga [manggagawang wala pang 18](#) taong gulang, at marami pang iba. Lubos na inirerekomenda ang pagdalo sa [mga workshop ng Departamento ng Paggawa at Mga Industriya](#).
- Obligado ka ring iulat ang lahat ng bagong empleyado sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan. Available ang mga tagubilin sa <http://NewHire.wa.gov>.
- Matuto nang higit pa tungkol sa mga responsibilidad ng employer sa Mga Kabanatang [PAGLAGO](#) at [PAGPAPATAKBO](#) ng [Gabay sa Maliit na Negosyo ng Washington](#).

11. Kailangan ng tulong?

Matutulungan ka ng [Mga Liaison ng Maliit na Negosyo](#) ng Estado ng Washington na makakuha ng impormasyon at mga mapagkukunang kailangan mo. Tulungan din



kaming mas mapabuti ang Gabay sa Maliit na Negosyo sa pamamagitan ng pagsagot ng maikli at kumpidensyal na [survey](#).



BUKSAN ang iyong negosyo



BUKSAN ang iyong negosyo

Nagpaplano ba ang iyong mga negosyong nasa labas ng estado na magpatakbo sa Washington?

Kailangang sumunod ang iyong mga negosyong nasa labas ng estado sa mga batas at regulasyon ng Washington kung ikaw ay:

- Bumili ng negosyo sa Washington.
- Magpatakbo sa o magbukas ng pisikal na lokasyon sa Washington.
- Magsasagawa ng pangmatagalan o panandaliang mga kontrata sa Washington.
- Magha-hire ng mga empleyadong nagtatrabaho mula sa kanilang mga bahay sa Washington.
- Magkakaroon ng nabubuwisang presensya (i.e. nexus) sa Washington.



1. Bumibili ka ba ng kasalukuyang negosyo sa Washington?

Kung bibili ka ng negosyo o kahit ilan lang sa mga asset ng isang negosyo, mangyaring malaman na maaaring hindi mo sadyaing makabili ng mga nakaraang pananagutan sa anyo ng mga hindi nabayarang buwis at rating sa karanasan. Humingi ng karampatang legal na payo bago bumili ng negosyo dahil hindi kinakailangang bahagi ng mga regular na dokumento sa pananalapi ang mga nakaraang pananagutan.

- Para sa mga potensyal na pananagutan na may kaugnayan sa Departamento ng Kita, dapat mong hilingin sa may-ari na magbigay ng [Liham ng Katayuan ng Buwis \(Tax Status Letter\)](#) patungkol sa anumang natitirang buwis ng negosyo. Maaaring kailanganin mo ring magbayad ng [Buwis sa Paggamit \(Use Tax\)](#) sa Departamento ng Kita sa halaga ng mga nahahawakang asset na kasama sa pagbili, tulad ng mga kagamitan, kasangkapan, supply, atbp. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang aming artikulo sa Mga Paksa sa Buwis na pinamagatang [Pagbili ng mga asset ng negosyo](#).
- Para sa kabayaran ng mga manggagawa, posibleng managot ang mamimili ng negosyo para sa premium na dapat bayaran, hindi pa nababayaran o nakabinbin para sa pagtatasa, pati na rin ang pagmamana ng mga responsibilidad sa claim at ang epekto nito sa mga rate ng premium sa hinaharap. Dapat hilingin ng mga potensyal na mamimili sa nagbebenta ang mga rekord ng claim at kaligtasan na nakalista sa publikasyong ito ng [Buyer Beware \(Mag-ingat, Mamimili\)](#).

- Para sa insurance sa kawalan ng trabaho, maaaring hindi mo sinasadyang makabili ng mga nakaraang pananagutan at puwede kang managot sa utang ng naunang may-ari.

2. Pagpaparehistro ng dayuhan (hindi sa Washington). - mga korporasyon at kompanyang may limitadong pananagutan

Ano ang estruktura ng negosyo ng iyong kompanya: sole proprietorship, pakikipagsosyo, korporasyon o kompanyang may limitadong pananagutan (limited liability company, LLC)? Kung nabuo ang iyong entidad sa labas ng Washington, karaniwang unang hakbang ang paghahain ng "Pagpaparehistro ng Dayuhang Entidad" sa Washington sa pamamagitan ng [Tanggapan ng Kalihim ng Estado](#).

Maaaring humantong ang pagkabigong irehistro ang iyong korporasyon o LLC na nasa labas ng estado sa mga legal na hamon at makakaapekto ito sa iyong kakayahang makakuha ng pagpopondo o mga kontrata. Maaari rin itong humantong sa mga responsibilidad sa pananagutan ng indibidwal na may-ari. Kinakailangan ang pagpaparehistro sa espesyal na lisensya at sertipikasyon ng lahat ng kontratista at maraming negosyo. Makipag-usap sa iyong legal na tagapayo para maunawaan ang mga benepisyo, panganim, at kinakailangan.

Kinakailangan ng pagpaparehistro na magtalaga ka ng "[rehistradong ahente](#)" sa Washington, isang tao o negosyong nakabase sa Washington na may pisikal na address na tatanggap ng iyong mga abiso sa opisyal na entidad ng negosyo.

3. Kumuha ng mga kinakailangang lisensya at permiso

Karamihan sa mga negosyo ay kinakailangang maging lisensyado sa parehong estado at lokal na antas, at marami rin ang nangangailangan ng [lisensya sa pagiging propesyonal](#). Malamang na kakailanganin mo ng mga lisensya sa bawat lokasyon kung saan ka nagnenegosyo; hindi lang kung saan ka nakabase. Gayundin, nangangailangan



ng karagdagang mga permiso ang ilang negosyo. Tingnan kung may mga bayarin at/o taunang bayad sa pag-renew na nauugnay sa mga lisensya at permiso.

Isang kapaki-pakinabang na tool ang online na [Business Licensing Wizard](#) (Wizard sa Paglilisensya ng Negosyo) Gamitin ito para matutuhan ang mga kinakailangan sa paglilisensya at pagkuha ng permiso para sa iyong partikular na negosyo. Ilagay ang iyong nilalayong aktibidad sa negosyo, lokasyon, at iba pang mahahalagang impormasyon, at makatanggap ng online na listahan ng mga partikular na lisensya at permiso na malamang na kakailanganin.

- Kapag naghain ka ng iyong [Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo](#) sa Washington, maging handa para tugunan ang sumusunod:
 - Pangkalahatang impormasyon ng negosyo kabilang ang pisikal na lokasyon at pagmamay-ari.
 - Paunang pagtatantya ng iyong inaasahang kabuuang taunang kita.
 - Kung balak mong kumuha ng mga empleyado sa loob ng 90 araw mula sa pagsisimula.
 - Kung gusto mo ng [opsyonal na coverage sa kabayaran ng mga manggagawa](#) para sa mga may-ari ng negosyo. Kung hindi mag-opt in ang mga may-ari, hindi sila masasaklaw para sa mga pinsala sa trabaho. Dapat kang magsumite ng form ng [aplikasyon sa elektibong coverage](#) at isumite ito sa manager ng account sa kabayaran ng mga manggagawa ng iyong negosyo para makakuha ng coverage.
 - Kung gugustuhin mo ba ang coverage ng insurance sa kawalan ng trabaho para sa mga opisyal ng korporasyon. Awtomatikong hindi kasama sa insurance sa kawalan ng trabaho ang mga opisyal na nagbibigay ng mga serbisyo sa Washington maliban kung partikular na humiling ang employer na saklawin sila. Kung gusto mong saklawin ang iyong mga opisyal sa korporasyon, dapat kang magsumite ng Form ng Boluntaryong Pagpili. Alamin ang higit pang impormasyon [dito](#).
- Ang [Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo](#) ay ang form ng lisensya sa negosyo ng estado at nagtatatag ng iyong mga account sa maraming ahensya ng estado ng Washington, kabilang ang Departamento ng Kita, Seguridad sa Pagtatrabaho, at Trabaho at Mga Industriya. Maaaring makuha ang ilang [lokal](#) at [espesyal](#) na lisensya sa pamamagitan ng paggamit ng Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo. Sundin ang mga link sa itaas para sa impormasyon sa mga bayad sa lokal at espesyal na lisensya.



- Para sa impormasyon tungkol sa mga lokal na lisensya na HINDI pinangangasiwaan sa pamamagitan ng Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo, makipag-ugnayan sa bawat [lungsod o bayan](#) kung saan ka magsasagawa ng negosyo.
- Nangangailangan ang ilang negosyo ng mga lisensya sa pagiging propesyonal, gaya ng mga arkitekto, inhinyero, provider ng pangangalagang pangkalusugan, tagapayo, abogado, CPA, atbp. Para sa impormasyon at mga kinakailangan, makipag-ugnayan sa [awtoridad sa paglilisensya](#) para sa propesyon na iyon.
- Mangangailangan ang mga negosyong nauugnay sa pagkain (mga restaurant, coffee stand, caterer, mga tagagawa ng produktong pagkain, atbp.) ng mga permiso sa kusina at nangangasiwa ng pagkain. Makipag-ugnayan sa [departamento ng kalusugan ng iyong county](#). Mangangailangan ang mga manufacturer at tagaproseso ng pagkain at inumin ng lisensya mula sa [Departamento ng Agrikultura ng Washington](#). Kung plano mong magbenta, mag-serve, o gumawa ng mga inuming may alkohol, makipag-ugnayan sa [Lupon sa Alak at Cannabis ng Estado ng Washington](#) para malaman kung anong uri ng lisensya ang kailangan mong i-apply. Para sa mga produktong hinaluan ng cannabis, kakailanganin mo ng lisensya sa cannabis. Makipag-ugnayan sa [Serbisyo sa Paglilisensya ng Negosyo](#) para sa karagdagang impormasyon kung paano mag-apply. Para sa tulong sa pagbubukas ng restaurant sa Seattle, bisitahin ang [site ng restaurant ng Seattle](#).
- Dapat [nakarehistro bilang mga kontratista](#) ang mga negosyo sa kalakalan sa konstruksyon, na nangangailangan ng pag-bond at insurance. Mangyaring malaman na kailangang nakarehistro ka bilang kontratista kahit na sa pag-market o pag-bid ng trabaho sa pagtatayo.
- Maaaring mangailangan ng mga permiso sa antas ng county at/o estado ang mga negosyong may epekto sa kapaligiran. Makipag-ugnayan sa iyong departamento ng kalusugan ng county at sa [Tanggapan para sa Panregulasyong Pagbabago at Tulong](#) ng estado para sa higit pang impormasyon.
- Dapat lisensyado ang mga establisimento ng panuluyan gaya ng mga hotel at motel sa pamamagitan ng [Departamento ng Kalusugan](#) ng estado.
- Dapat lisensyado ang mga negosyong nagbibigay ng pangangalaga sa tirahan at negosyong nagbibigay ng mga serbisyong medikal at pangkalusugan sa pamamagitan ng [Departamento ng Kalusugan](#) ng estado.
- Dapat lisensyado ang mga negosyo sa pangangalaga ng bata sa pamamagitan ng [Departamento ng Mga Bata, Kabataan at Pamilya](#) ng estado.



- Kung plano mong magbenta, mag-serve, o gumawa ng mga inuming may alkohol, makipag-ugnayan sa [Lupon sa Alak at Cannabis ng Estado ng Washington](#) para malaman kung anong uri ng lisensya ang kailangan mong i-apply.

4. Mag-hire ng mga empleyado sa Washington

- Maghanda sa pag-hire ng mga empleyado, kung kinakailangan. Kritikal para sa matagumpay na paglago ang pagkakaroon ng mga empleyadong may mga tamang katangian at kasanayan para sa iyong negosyo. May mga mapagkukunan para matulungan ka sa pagpapalano ng trabaho, kabilang ang [Impormasyon sa Merkado ng Trabaho](#).
- Mahusay na paraan para makaakit ng mga de-kalidad na empleyado ang pag-aalok ng insurance sa kalusugan. Nag-aalok ang [Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan ng Washington](#) ng mga mapagkukunan para matulungan ang maliliit na negosyo na makahanap ng coverage sa kalusugan na akma sa kanilang mga pangangailangan sa negosyo. (Tingnan ang seksyon [7. Insurance sa Kalusugan](#) sa ilalim ng seksyong “Planuhin ang Iyong Negosyo”).
- Mayroon ding mga programa para matulungan kang maghanap at magsanay ng mga kwalipikadong empleyado.
 - Maaaring magbigay ang [WorkSource](#) ng mga aplikanteng bihasa at handang magtrabaho.
 - Maaaring makatulong ang mga job fair at [libreng pag-post ng trabaho online](#) para madagdagan ang bilang ng iyong mga aplikante.
 - Maaaring makatulong ang [mga kredito sa buwis](#) na bawasan ang gastos ng mga bagong empleyado.
 - Mga opsyon para sa tulong sa [pagsasanay ng empleyado](#).
 - [Mga subsidyo sa sahod para sa pagsasanay sa trabaho](#).
 - Mga mapagkukunan ng pagsasanay ng empleyado - [Career Bridge](#).
 - [Mga programa sa pagiging apprentice](#).
 - [Pagiging Apprentice sa WorkSource](#).
 - [Mga empleyadong nag-aaral at nagtatrabaho](#).
- Ipapasa ang impormasyon mula sa iyong Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo sa Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho para mag-set up ng account sa buwis sa kawalan ng trabaho ng estado, at sa Departamento ng Paggawa at Mga Industriya para mag-set up ng account sa kabayaran ng mga manggagawa



at makuha ang iyong permiso sa pagpapatrabaho ng menor-de-edad, kung naaangkop. Magkakaroon ka ng mga responsibilidad sa paghahain sa parehong ahensya, kasama ang Serbisyo sa Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS) kada quarter (tingnan ang kabanatang [PATAKBUHIN ang Iyong Negosyo](#) ng Gabay sa Maliit na Negosyo).

- Kailangang kompletuhin ng bawat bagong empleyado ang pederal na [I-9 Employment Eligibility Verification Form](#) (Form ng Beripikasyon sa Pagiging Kwalipikado sa Trabaho) sa loob ng tatlong araw mula sa pag-hire at ang [W-4 Form](#) ng IRS.
- Kakailanganin mo ring iulat ang bawat bagong na-hire na empleyado at muling na-hire na empleyado sa pamamagitan ng [Programa sa Pag-uulat ng Bagong Na-hire](#) ng Dibisyon ng Suporta sa Bata ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan sa loob ng 20 araw mula sa pag-hire. Madali ang pag-uulat at maaaring gawin online sa pamamagitan ng secure na web portal na, [Secure na Access sa Washington \(Secure Access Washington, SAW\)](#) gamit ang Mga Online na Serbisyo ng Dibisyon ng Suporta sa Bata (Division of Child Support Online Services, DCSOnline). Kung wala ka pang account sa SAW, kakailanganin mong mag-sign up at idagdag ang serbisyo ng DCS Online. Para magsumite ng ulat sa bagong na-hire, kailangang ibigay ng employer ang kanyang pangalan, address at Pederal na Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer (Federal Employer Identification Number, FEIN). Kakailanganin din nila ang impormasyong makikita sa W-4 Form ng empleyado, kasama ang kanilang pangalan, address at Numero ng Social Security (Social Security Number, SSN), kasama ang petsa ng pag-hire at petsa ng kapanganakan ng empleyado. Makipag-ugnayan sa **Team sa Pakikipag-ugnayan sa Employer ng DCS** sa **800-562-0479** kung kailangan mo ng tulong o may mga tanong ka.
- Mangyaring malaman na ang pagtatrabaho ay isang bahaging may mahahalagang regulasyon, kabilang ang minimum na sahod, bayad sa overtime, pagpapatrabaho ng mga menor-de-edad at miyembro ng pamilya, kaligtasan sa lugar ng trabaho, atbp.
- Madalas na hindi nauunawaang bahagi ang paggamit ng mga independiyenteng kontratista. Maliban kung ang indibidwal ay tunay na nasa negosyo para sa kanyang sarili, may lisensya at aktibong nagma-market, may maraming kliyente/customer, at gumagawa ng trabahong wala sa iyong normal na aktibidad sa negosyo, maaaring kakailanganin ng mga batas ng estado at pederal na pamahalaan na tratuhin bilang empleyado ang indibidwal.



- Ang pagtatrabaho ay isa ring bahaging may mahalagang pagpapanatili ng rekord at pagbubuwis. Mahalagang maunawaan mo ang mga regulasyon at gastos na iyon habang pinaplano mo ang iyong negosyo.

Batas sa Trabaho

- [Mga batas sa pasahod at oras \(tulad ng minimum na sahod, overtime, pahinga, atbp.\)](#)
- [Mga kinakailangan sa poster ng lugar ng trabaho](#)
- [Pagpapatrabaho ng mga menor-de-edad](#)
- [Mga Batas sa Hindi Pandidiskrimina](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(Trabaho at Mga Industriya\)](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(Seguridad sa Pagtatrabaho\)](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(IRS\)](#)
- [Kaligtasan sa lugar ng trabaho](#) (kabilang ang kinakailangang nakasulat na programa sa pag-iwas sa aksidente)
- [Pederal na mga buwis sa payroll](#)
- [Mga Batas sa Pagkuha ng Bahagi ng Kita para sa Suporta sa Bata \(Child Support Withholding Laws\)](#)
- Mga paghihigpit sa [mga kasunduan sa hindi pakikipagkompetensya](#), [kasaysayan ng sahod](#), at [paglilihim sa sahod](#)
- [Proteksyon ng manggagawang nag-iisa sa trabaho](#)
- [Mga Pagbabago sa Mga Panuntunan sa Overtime](#)
- [Batas sa Pantay na Sahod at Mga Oportunidad \(Equal Pay & Opportunities Act\)](#)

Mga Benepisyo ng Manggagawa

- [Mga buwis sa kawalan ng trabaho ng estado](#)
- [Insurance sa kabayaran ng mga manggagawa](#)
- [Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan ng Washington](#)
- [Washington Healthplanfinder](#)
- [Bayad na Pagliban dahil sa Pagkakasakit](#)
- [Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban](#)
- [Iba pang Uri ng Pagliban](#)
- [Marketplace ng Pagreretiro](#)

Tandaan: Kung mayroon kang mga manggagawa sa Seattle, Tacoma o SeaTac, suriin



ang pinakamababang sahod at iba pang kinakailangan sa pagtatrabaho sa iyong lungsod.

5. Maghain ng mga kinakailangang ulat at buwis

Mga buwis sa negosyo ng estado:

Walang buwis sa personal na kita o kita ng negosyo ang Estado ng Washington. Sa halip, kasama sa estruktura ng buwis nito ang Buwis sa Negosyo at Trabaho, mga buwis sa pagbebenta at paggamit, mga buwis sa ari-arian, at iba't ibang buwis na partikular sa industriya. Nangangasiwa ang [Departamento ng Kita](#) (Department of Revenue, DOR) ng Washington sa higit sa 60 iba't ibang buwis.

Kabilang sa mga buwis ng estado ang:

- [Buwis sa Negosyo at Trabaho \(Business and Occupation, B&O\)](#) – Buwis ito sa kabuuang kita ng negosyo. Bilang karagdagan sa buwis sa B&O ng estado, maraming lungsod at bayan ang nagpapataw din ng mga lokal na buwis sa B&O (tingnan sa ibaba).
- [Buwis sa pagbebenta](#) – Kinokolekta ng mga negosyo ang mga buwis sa pagbebenta mula sa mga customer sa pagbebenta ng karamihan sa mga retail na produkto, aktibidad sa konstruksyon, at ilang serbisyo. Dahil nakabatay sa patutunguhan ang buwis sa pagbebenta, dapat singilin ng mga negosyong nangongolekta ng buwis sa pagbebenta ang rate ng buwis ng lokasyon kung saan inihatid ang produkto o serbisyo. May [tool sa paghahanap](#) ang DOR para matukoy ang mga rate ng buwis at ang code ng lokasyon.
- [Buwis sa paggamit](#) – Nalalapat ang buwis sa paggamit kapag bumibili ang mga negosyo nang hindi nagbabayad ng buwis sa pagbebenta, gaya ng mga pagbili sa internet o pagbiling ginawa sa Oregon.
- [Mga Buwis sa Real Property at Personal na Ari-arian](#) – Nagbabayad ang mga negosyo ng buwis sa ari-arian batay sa halaga ng real estate, mga gusali at iba pang estruktura, kasangkapan, kagamitan at iba pang asset. Kinokolekta ang buwis sa ari-arian ng mga county sa halip na ng DOR.
- [Mga buwis na partikular sa industriya](#) – Mayroong iba't ibang buwis na nalalapat sa mga partikular na industriya, tulad ng pampublikong utilidad, hotel/motel, mga sasakyang pinaparenta, sigarilyo, atbp. I-click ang heading para makita kung nalalapat ang anumang partikular na buwis sa iyong negosyo.



Napapailalim ang mga negosyong nasa labas ng estado sa mga buwis sa Washington batay sa kanilang mga partikular na aktibidad kung mayroon silang “nexus” (nabubuwisang koneksyon) sa Estado ng Washington. Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa nexus, pakitingnan ang gabay para sa [Mga negosyong nasa labas ng estado at nexus](#) sa website ng Departamento ng Kita.

Kailangang [maghain ng pagbabayad sa buwis sa excise](#) sa DOR ng karamihan ng mga negosyo. Batay sa pagtatantya ng halaga ng buwis na iyong babayaran ang iyong [dalas ng paghahain](#) ng buwis, na itinalaga pagkatapos mong isumite ang iyong Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo. Kinakailangang maghain ng mga negosyo ng mga buwis sa elektronikong paraan gamit ang [My DOR](#) (Aking DOR), ang online na sistema ng paghahain ng DOR, at magbayad sa elektronikong paraan gamit ang isa sa ilang opsyon sa pagbabayad. Para sa tulong sa pagpaparehistro at paghahain ng My DOR (Aking DOR), tumawag sa 360-705-6705. Kung hindi ka makapaghain sa elektronikong paraan, maaari kang humiling ng [waiver](#).

Nasa ibaba ang mga link sa karagdagang impormasyon at mga tool na ibinigay ng DOR para tumulong sa pagkalkula at pag-uulat ng buwis:

- [Bagong Mga Pangunahing Kaalaman sa Buwis sa Negosyo](#)
- [Bagong Iskedyul ng Mga Workshop sa Buwis sa Negosyo](#)
- [Mga karaniwang klasipikasyon ng buwis](#)
- [Mga gabay na partikular sa industriya](#)
- [Mga insentibo sa buwis at espesyal na kredito](#)
- [Mga permiso ng reseller](#)
- [Maghanap ng rate ng buwis sa pagbebenta](#)
- [Ipadala sa amin ang iyong mga pangkalahatang tanong sa buwis](#)
- [Humiling ng desisyon sa buwis](#)
- [Hindi na-claim na ari-arian](#)
- [I-update ang impormasyon ng negosyo](#)

Kumonsulta sa iyong propesyonal sa buwis para sa karagdagang impormasyon. Hindi maaaring talakayin ng DOR ang kumpidensyal na impormasyon ng account sa buwis sa isang kinatawan ng buwis/tagapaghanda hanggang sa makompleto mo ang form ng [Awtorisasyon sa Kumpidensyal na Impormasyon sa Buwis](#).



Mga buwis sa lokal na negosyo:

Mga lungsod at bayan

Karamihan sa mga lungsod at bayan ay may lokal na buwis sa pagbebenta at lokal na buwis sa negosyo at trabaho (business & occupation, B&O). Kinokolekta ng DOR ang buwis sa pagbebenta para sa mga lokal na komunidad, ngunit kinokolekta ng mga lungsod at bayan ang sarili nilang lokal na B&O. Depende sa halaga ng pera na kinikita ng iyong negosyo, maaaring dapat bayaran kada quarter o taon-taon ang iyong lokal na buwis sa B&O. Makipag-ugnayan sa [mga lungsod at bayan](#) kung saan ka nagnenegosyo para sa higit pang impormasyon.

Mga County

May pananagutan ang mga county sa pagtatasa at pagpapataw ng buwis sa ari-arian sa parehong real property at personal na ari-arian. Bagama't maaaring hindi nagpapahiwatig ng ganoon ang pamagat na "personal na ari-arian," kabilang dito ang mga muwebles, kasangkapan, kagamitan, supply at iba pang asset ng negosyo.

Buwis sa personal na ari-arian

Alam ng karamihan ng mga tao na nalalapat ang [buwis sa ari-arian](#) sa real property; gayunpaman, maaaring hindi alam ng ilan na nalalapat din ang buwis sa ari-arian sa personal na ari-arian. Hindi kasama ang karamihan sa mga personal na ari-arian na pag-aari ng mga indibidwal. Halimbawa, hindi napapailalim sa buwis sa ari-arian ang mga gamit sa bahay at personal na gamit. Gayunpaman, kung ginagamit ang mga item na ito sa negosyo, nalalapat ang buwis sa ari-arian. Hindi nalalapat ang buwis sa personal na ari-arian sa mga imbentaryo ng negosyo, o hindi nahahawakang ari-arian gaya ng mga copyright at trademark.

Napapailalim ang personal na ari-arian sa parehong rate ng pagpapataw ng real property. Ang katangiang nagbibigay-kaibahan sa real property at personal na ari-arian ay ang pagiging naililipat (mobility) nito. Kasama sa real property ang lupa, mga estruktura, pagpapahusay sa lupa, at ilang partikular na kagamitan na nakakabit sa lupa o estruktura. Kasama sa personal na ari-arian ang makinarya, kagamitan, kasangkapan, at mga supply ng mga negosyo at magsasaka. Kasama rin dito ang anumang pagpapahusay na ginawa sa lupang inupahan mula sa gobyerno (mga pagpapahusay sa inuupahan).



Babayaran ang mga buwis sa ari-arian sa Abril 31 at Oktubre 31 ng bawat taon. Makipag-ugnayan sa [mga county](#) kung saan ka nagnenegosyo para sa higit pang impormasyon.

Mga buwis sa pagtatrabaho ng estado:

- Dapat bayaran kada quarter ang [mga buwis sa kawalan ng trabaho](#) sa Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho (Employment Security Department, ESD). Karaniwang ginagawa ang pag-uulat at pagbabayad online. Ang mga takdang petsa ay sa Abril 30, Hulyo 31, Oktubre 31 at Enero 31 para sa mga naunang quarter sa kalendaryo. Kinakalkula ang mga buwis batay sa [rate](#) na ibinigay sa iyong negosyo ng Seguridad sa Pagtatrabaho, na imu-multiply sa sahod ng bawat empleyado hanggang sa [taunang maximum](#). Available ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga buwis at benepisyo ng Insurance sa Kawalan ng Trabaho sa pamamagitan ng [website ng ESD](#).
- Dapat bayaran kada quarter ang [mga premium ng kabayaran ng mga manggagawa](#) sa Departamento ng Paggawa at Mga Industriya (Labor & Industries, L&I). Karaniwang ginagawa ang pag-uulat at pagbabayad on-line. Ang mga takdang petsa ay sa Abril 30, Hulyo 31, Oktubre 31 at Enero 31 para sa mga naunang quarter sa kalendaryo. Kinakalkula ang mga premium batay sa (mga) rate ng klasipikasyon ng panganib na ibinigay sa iyong negosyo ng L&I, na imu-multiply sa mga oras na pinagtrabahuan ng mga empleyado sa klasipikasyon ng panganib na iyon. Maaaring ibawas ng mga employer mula sa sahod ng mga empleyado ang isang bahagi ng halaga ng premium, tulad ng ipinapakita sa abiso ng rate na natanggap mula sa L&I. Available ang karagdagang impormasyon tungkol sa Kabayaran ng Mga Manggagawa sa pamamagitan ng libreng webinar na [Mahahalagang Bagay para sa Negosyo ng L&I](#).
Kung nahaharap ka sa pansamantalang pagkalugi sa negosyo, nag-aalok sa iyo ang [Programa ng SharedWork](#) ng alternatibo sa pagtatanggal ng mga manggagawa. Sa halip, maaari mong bawasan ang mga oras ng trabaho ng iyong mga permanenteng empleyado at maaaring mangolekta ang mga manggagawa ng bahagyang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho para palitan ang isang bahagi ng kanilang nawalang sahod

Kinabibilangan ng madalas na hindi nauunawaang bahagi ang paggamit ng mga independiyenteng kontratista. Maliban kung ang indibidwal ay tunay na nasa negosyo para sa kanyang sarili, may lisensya, naghain ng mga pederal at pang-estadong buwis bilang negosyo, aktibong nagma-market, may maraming kliyente/customer, at gumagawa ng trabahong wala sa normal na aktibidad sa negosyo, maaaring kakailanganin ng mga pederal at pang-estadong batas na tratuhin bilang empleyado ang indibidwal.

Ang pagtatrabaho ay isa ring bahaging may malalaking responsibilidad sa pagpapanatili ng rekord at sa buwis. Mahalagang maunawaan mo ang mga regulasyon at gastos habang pinaplano at pinapatakbo mo ang iyong negosyo.

Batas sa Trabaho

- [Mga batas sa pasahod at oras \(tulad ng minimum na sahod, overtime, pahinga, atbp.\)](#)
- [Mga kinakailangan sa poster ng lugar ng trabaho](#)



- [Pagpapatrabaho ng mga menor-de-edad](#)
- [Mga Batas sa Hindi Pandidiskrimina](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(Trabaho at Mga Industriya\)](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(Seguridad sa Pagtatrabaho\)](#)
- [Mga independiyenteng kontratista \(IRS\)](#)
- [Kaligtasan sa lugar ng trabaho](#) (kabilang ang kinakailangang nakasulat na programa sa pag-iwas sa aksidente)
- [Pederal na mga buwis sa payroll](#)
- [Mga Batas sa Pagkuha ng Bahagi ng Kita para sa Suporta sa Bata \(Child Support Withholding Laws\)](#)
- Mga paghihigpit sa [mga kasunduan sa hindi pakikipagkompetensya](#), [kasaysayan ng sahod](#), at [paglilihim sa sahod](#)
- [Proteksyon ng manggagawang nag-iisa sa trabaho](#)
- [Mga Pagbabago sa Mga Panuntunan sa Overtime](#)
- [Batas sa Pantay na Sahod at Mga Oportunidad \(Equal Pay & Opportunities Act\)](#)

Mga Benepisyo ng Manggagawa

- [Mga buwis sa kawalan ng trabaho ng estado](#)
- [Insurance sa kabayaran ng mga manggagawa](#)
- [Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan ng Washington](#)
- [Washington Healthplanfinder](#)
- [Bayad na Pagliban dahil sa Pagkakasakit](#)
- [Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban](#)
- [Iba pang Uri ng Pagliban](#)
- [Marketplace ng Pagreretiro](#)

Tandaan: Kung mayroon kang mga manggagawa sa Seattle, Tacoma o SeaTac, suriin ang pinakamababang sahod at iba pang kinakailangan sa pagtatrabaho sa iyong lungsod.

3. Mga bagong lokasyon

Nangangailangan ang pagpili ng mga bagong lokasyon na isaalang-alang mo ang maraming salik: pagiging kanais-nais nito sa merkado, pag-zone, mga gastos sa build-out, patuloy na gastos sa pag-okupa, pag-access sa impraesstruktura at mga serbisyo,



pag-access sa mga kwalipikadong empleyado, atbp. Nasa ibaba ang mga tool na makakatulong sa iyong gumawa ng matalinong desisyon.

- Kung magbubukas ka ng bagong lokasyon, kakailanganin mong maghain ng bagong [Aplikasyon sa Lisensya ng Negosyo](#) sa Estado ng Washington.
- [SizeUp](#)
- [Impormasyon sa pagpili ng lugar](#).
- Kasalukuyang [impormasyon sa merkado ng trabaho](#), ayon sa industriya at county.
- Ang [organisasyon sa pagpapaunlad ng ekonomiya](#) na naglilingkod sa iyong rehiyon (isang magandang mapagkukunan para sa pagpili ng lugar).
- Makipag-ugnayan sa lokasyon ng iyong [lungsod](#) o [county](#) para malaman ang tungkol sa pagsosona at mga kinakailangan sa pagkuha ng permiso.
- Maaaring mangailangan ang ilang industriya at lokasyon ng pagkuha ng permiso para sa kapaligiran. Nagbibigay ang Tanggapan para sa Panregulasyong Pagbabago at Tulong ng impormasyon sa lokal, pang-estado, at pederal na [mga isyu sa kapaligiran](#).

4. Mga bagong merkado

Pangalahatang tulong sa pagpapalawak ng merkado: Kung isinasaalang-alang mo man ang pagpapalawak sa pamamagitan ng mga bagong produkto o serbisyo, bagong grupo ng customer, o bagong paraan ng marketing, makakatulong sa iyong gumawa ng mas mahusay at mas nakakatipid na mga desisyon ang pagsasagawa ng pananaliksik sa demograpiko at iba pang uri ng pananaliksik bago magpatuloy. Gusto mo ba ng tulong sa pagsasaliksik o pagbuo ng pinalawak na plano sa marketing?

- Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo ng U.S.: [mga mapagkukunan sa marketing](#)
- SCORE: [mga mapagkukunan sa marketing](#) at walang bayad na [tagapayo](#)
- Sentro ng Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo: [mga mapagkukunan sa marketing](#) at walang bayad na [tagapayo](#)
- [Business Impact NW](#)
- [Sentro ng Negosyo para sa Kababaihan ng Washington](#)
- [Programang Pang-ekonomiyang Paghahalaman ng Washington](#)



Tulong sa pag-export: Gusto mo bang magbenta ng mga produkto o serbisyo sa mga customer na nasa labas ng U.S.?

- [Sentro ng Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo](#)
- [Departamento ng Komersyo ng Estado ng Washington](#)
- [Sentro ng Mapagkukunan sa Pag-export ng Washington](#)
- [Paano simulan ang pag-export](#)
- [Tulong sa Pag-export ng Kagawaran ng Komersyo ng Estado ng Washington](#)
- [Mga opsyon sa pagpopondo para sa pag-export](#)
 - [Sentro ng Tulong sa Pagpopondo ng Pag-export ng Washington](#)
 - [Bangko sa Pag-export at Pag-import ng Estados Unidos](#)

Tulong sa pakikipagkontrata ng gobyerno: Gusto mo bang magbenta ng mga produkto o serbisyo sa mga pederal, pang-estado o lokal na gobyerno?

- [Programa ng PTAC](#) (Procurement Technical Assistance Center) – Nag-aalok ng pagsasanay at walang bayad na pagpapayo.
- [Sistema ng WEBS](#) (Washington Electronic Business Solution Resource Center o Elektronikong Sentro ng Mapagkukunan ng Solusyon sa Negosyo ng Washington) – Nagbibigay-daan sa mga negosyo na magparehistro nang libre, para tingnan at i-download ang mga imbitasyon sa pampublikong pagbili para sa mga kwalipikasyon at pag-bid. Kasama sa proseso ng pagpaparehistro ang self-certification para sa mga kwalipikadong Maliit na Negosyo sa Washington at isang pagkakataon na humiling ng sertipikasyon ng beterano ng negosyo sa estado ng Washington.
- [Diversity Supplier](#) – Hayaan ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalakalan (Department of Enterprise Services, DES) na tulungan kang magtagumpay sa iyong maliit na negosyo bilang Diversity Supplier. Maaaring maging kwalipikado ang iyong negosyo kung lisensyadong may-ari ka ng maliit na negosyo at isa o higit pa sa mga sumusunod ang nalalapat sa iyong negosyo: pagmamay-ari ng minorya; pagmamay-ari ng kababaihan; pagmamay-ari ng beterano; o disbentaheng kalakalan ng maliit na negosyo.
- [Umiiral na Mga Kinakailangan sa Sahod](#) – Ang pamantayan para sa mga kontratang nauugnay sa konstruksyon, na binabayaran gamit ang pampublikong pondo (lahat o bahagi). Ang mga kontratista ng pampublikong gawain ay kinakailangang magbayad sa mga empleyado ng o higit pa sa “umiiral na sahod” na itinatag sa pamamagitan ng mga pormal na survey ng gobyerno.



Dapat ding matugunan ng mga employer ang mga espesyal na kinakailangan sa pag-uulat.

- Sentro ng Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo (Small Business Development Center, SBDC) – Nag-aalok ang [mga tagapayo](#) ng one-on-one at walang bayad na pagpapayo.
 - [Sentro ng Teknikal na Tulong sa Pagkuha ng Katutubo \(Native Procurement Technical Assistance Center, Native PTAC\)](#) - tumutulong sa mga Katutubong firm na makipagkontrata sa pederal, Pantribo, pang-estado, at lokal na gobyerno sa pamamagitan ng one-to-one na tulong sa mga sertipikasyon at pagpaparehistro ng gobyerno, klase at workshop, oportunidad sa pagtutugma ng bid, interpretasyon ng mga pagsusuri sa solicitation, bid/panukala, payo sa marketing, at suporta sa pagsasagawa ng kontrata para sa mga itinalagang programang sosyo-ekonomiko.
-



Ang Tanggapan ng Mga Kalakalan sa Negosyo ng Minorya at Kababaihan ng Estado ng Washington (Office of Minority and Women's Business Enterprises, OMWBE) ay nagbibigay ng sertipikasyon sa maliliit na negosyong pagmamay-ari at kinokontrol ng minorya, kababaihan, at indibidwal na nadiskrimina sa lipunan at ekonomiya. May mas mataas na visibility at access ang mga sertipikadong negosyo sa mga oportunidad sa pakikipagkontrata at pagkuha sa estado. Maaari kang mag-apply para sa sertipikasyon ng estado, pederal na sertipikasyon, o sa pareho. Kakailanganin mo ang pederal na sertipikasyon kung plano mong magnegosyo sa proyektong pinondohan ng Departamento ng Transportasyon ng U.S.

MBE – Minority Business Enterprise

WBE – Woman Business Enterprise

MWBE – Minority Women Business Enterprise

CBE – Combination Business Enterprise

SEDBE – Socially and Economically Disadvantaged Business Enterprise

Sertipikasyon ng OMWBE



Gusto kang pasalamatan ng Departamento ng Mga Ugnayang Pangbeterano ng Estado ng Washington para sa iyong serbisyo sa ating bansa. Nakatuon kami sa pagbibigay sa iyo ng impormasyong kailangan mo at inaaanyayahan ka naming mag-email o tumawag kung nangangailangan ka o ang taong kilala mo ng tulong. Kung isa ka ring may-ari ng negosyo, dapat mong malaman na bumibili ang mga ahensya ng Estado ng Washington mula sa Mga Negosyong Pagmamay-ari ng Beterano o Miyembro ng Serbisyo. Sa pamamagitan ng pag-link sa listahan ng Sertipikadong Negosyong Pagmamay-ari ng Beterano o Miyembro ng Serbisyo ng WDVA sa WEBS, magkakaroon na ngayon ang mga ahensya ng estado ng paraan para matukoy ang Mga Sertipikadong Negosyo ng WDVA AT masubaybayan kung paano nila ginagawa ang kanilang mga layunin sa pagbili. Nakipagtulungan ang Departamento ng Mga Ugnayang Pangbeterano ng Estado ng Washington para padaliin ang proseso ng pagpaparehistro at sertipikasyon para sa mga vendor na gustong makipagnegosyo sa mga ahensya at munisipalidad ng Estado ng Washington.

Sertipikasyon ng Negosyong Pagmamay-ari ng Beterano

5. Pagsunod sa regulasyon

Maaaring humantong ang pagpapalago ng negosyo sa mga bagong kinakailangan sa regulasyon. Suriin ang mga kabanatang "[START](#) (SIMULAN)" at "[RUN](#) (PATAKBUHIN)" ng Gabay sa Maliit na Negosyo para makita kung maaaring ilapat ang mga karagdagang regulasyon dahil sa katangian ng mga pagbabago sa iyong negosyo.

6. Gusto naming magtagumpay ka!

Nagbibigay ng mga gantimpala, na parehong sa personal na buhay at sa pananalapi, ang pagpapalago ng negosyo. Makakatulong ang maingat na pagpapalano ng paglago at pagsasamantala sa mga mapagkukunan at tulong na madagdagan ang iyong mga oportunidad para sa tagumpay.

7. Kailangan ng tulong?

Matutulungan ka ng [Mga Liaison ng Maliit na Negosyo](#) ng Estado ng Washington na makakuha ng impormasyon at mga mapagkukunang kailangan mo. Tulungan din



kaming mas mapabuti ang Gabay sa Maliit na Negosyo sa pamamagitan ng pagsagot ng maikli at kumpidensyal na [survey](#).



ISARA ang iyong negosyo



ISARA ang iyong negosyo

Gusto mo bang isara ang iyong negosyo?

Ang pagsasara ng iyong negosyo, na kilala rin bilang liquidation o dissolution (pagbubuwag), ay ang proseso sa accounting kung saan tinatapos ang negosyo sa iba't ibang dahilan at sa pamamagitan ng iba't ibang proseso. Ibinebenta o inililipat ang mga asset at ari-arian ng kompanya.

Isinasara ng mga tao ang kanilang mga negosyo sa maraming dahilan. Minsan, ito ay dahil hindi napunta sa direksyong inaasahan nila ang negosyo at hindi sila nasisiyahan sa resulta. Minsan, ito ay dahil handa na para sa bagong bagay ang may-ari, kung minsan, ito ay dahil sa pagsasaalang-alang ng oras o pera, at kung minsan, ito ay dahil sa kamatayan. Anuman ang dahilan, malaking desisyon ang pagpiling isara ang isang negosyo. Gayunpaman, hindi palaging nangangailangan ng pagsasara ng negosyo o liquidation ang pagkalugi sa negosyo.

Ang pag-alis sa negosyo ay isang plano ng negosyante na ibenta ang kanyang interes sa pagmamay-ari sa isang kompanya. Ang pag-alis ay nagbibigay sa may-ari ng negosyo ng paraan para bawasan o i-liquidate ang kanyang stake sa negosyo at, kung matagumpay ang negosyo, kumita nang malaki. Kung hindi matagumpay ang negosyo, nagbibigay-daan sa negosyante ang plano ng pag-alis na limitahan ang mga pagkalugi. Maaari ring gamitin ng mamumuhunan ang pag-alis tulad ng venture capitalist para magplano para sa pag-cash out mula sa isang pamumuhunan.

Pagbebenta: Nangangailangan ang pagbebenta ng maingat na pagpapalano—lahat ng bagay mula sa pag-aayos ng magugulong talaan at rekord ng buwis hanggang sa pag-aayos ng pagod na storefront at pag-update ng mga lumang operating system—kahit na pagpapalawak ng marketing sa pagbebenta ng juice at paghingi ng mas mataas na presyo.

IPO (Initial Public Offering): Ang inisyal na pampublikong alok ay isang uri ng pampublikong alok kung saan ibinebenta ang mga bahagi ng isang kompanya sa mga pang-institusyong mamumuhunan at karaniwan din sa mga tingiang mamumuhunan; ang IPO ay nilagdaan ng isa o higit pang bangko ng pamumuhunan, na isinasayos din ang mga share para mailista sa isa o higit pang stock exchange.



Pagsasama (Merge): Ang pagsasama (merger) ay ang kombinasyon ng isa o higit pang entidad ng negosyo para maging iisang entidad ng negosyo. Kadalasang ginagawa ang pagsasama ng dalawa o higit pang kompanya para makamit ang higit na kahusayan sa laki at pagiging produktibo.

May online na mapagkukunan ang Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo ng U.S. para tulungan ka sa pag-unawa sa mga pagsasaalang-alang at proseso ng pagsasara: [Getting Out \(Pag-alis\)](#). Bukod pa rito, maaaring makatulong ang pakikipagkita sa isang tagapayo sa negosyo para tugunan ang mga alternatibo sa pagsasara, gaya ng ganap o bahagyang pagbebenta ng iyong negosyo, pag-hire ng manager at pagtanggap ng hindi gaanong aktibong tungkulin, pakikipagsama sa ibang negosyo, atbp. Nag-aalok ng walang bayad na pagpapayo sa negosyo ang mga sumusunod na programa:

- [Sentro ng Pagpapaunlad ng Maliit na Negosyo](#) (buong estado)
- [SCORE](#) (buong estado)
- [Sentro ng Negosyo ng Washington](#) (sa paligid ng Puget Sound)

Mga hakbang sa pagsasara ng negosyo:

1. Humingi ng legal na payo

Kakailanganin mo ng mahusay na tagapayo para maunawaan ang iyong mga obligasyon tungkol sa mga abiso sa pagsasara ng negosyo, kontrata, at utang. Kung wala kang abogado, humingi sa iyong accountant o iba pang pinagkakatiwalaang tagapayo ng mga rekomendasyon, o sumangguni sa [Direktoryo ng Abogado](#) ng Asosasyon ng Bar ng Estado ng Washington.

Mga posibleng isyung tatalakayin sa iyong abogado:

- Hindi pa nababayaranang suweldo, sahod, komisyon, mga benepisyong dapat bayaran sa mga empleyado, kung naaangkop. Kapag hindi mabayaran ang lahat ng utang, ituturing na legal na pinakamataas na prioridad ang pagbabayad ng utang sa mga empleyado.
- Mga natitirang utang at kinakailangan ng nagpapautang.
- Mga natitirang kontrata, kabilang ang mga pagpapaupa, kasunduan sa serbisyo, kasunduan sa pagbili, warranty, kontrata sa pagtatrabaho, atbp.



- Pagmamahagi ng mga asset, lalo na kung ginamit bilang collateral ang ari-arian ng negosyo para sa pautang o kung saan mo nilalayong i-convert ang ari-arian ng negosyo sa personal na paggamit.
- Utang sa buwis, na kinikilala na karamihan sa mga ahensya ng pagbubuwis ay may legal na awtoridad na magtalaga ng utang sa buwis sa negosyo at trabaho sa mga may-ari (o dating mga may-ari) ng negosyo.
- Mga Pinagkakautangan - Habang may mga obligasyon ang lahat ng indibidwal at negosyo na bayaran ang kanilang mga utang, ang mga korporasyon at LLC ay may mga espesyal na kinakailangan na nauugnay sa pag-abiso sa mga nagpapautang para sa pagsasara.
- Pagkabangkarote - Kung isasaalang-alang ang pagkabangkarote, kritikal ang legal na payo para sa pag-aaral kung anong mga utang ang maaaring bayaran sa pamamagitan ng proseso ng pagkabangkarote at kung paano ka dapat magpatuloy.

2. Abisuhan ang mga ahensya ng regulasyon

Pederal

Serbisyo sa Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS)

- Sundin ang [Checklist ng Pagsasara ng Negosyo](#).
- Kung isasaalang-alang ang pagkabangkarote, suriin ang web page ng [Pagdedeklara ng Pagkabangkarote](#).

Estado

Departamento ng Kita (Department of Revenue, DOR)

- Kompletuhin ang [Form ng Pagbabago ng Impormasyon ng Negosyo](#) o isara ang iyong account online gamit ang [My DOR](#) (Aking DOR).
- Ibabahagi ng DOR ang impormasyon sa pagsasara sa Paglilisensya ng Negosyo, Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho, at Departamento ng Paggawa at Mga Industriya.
- Kompletuhin ang iyong panghuling [Pagbabayad sa Buwis sa Excise](#) ng DOR sa loob ng 10 araw mula sa pagsasara ng negosyo. Isaad sa form (malapit sa itaas) na nagsara na o magsasara ang negosyo at magbigay ng petsa ng pagsasara.
- Kung iko-convert ang imbentaryo sa personal na paggamit, magbayad ng [buwis sa paggamit](#) sa halaga ng imbentaryo (maliban kung binayaran dati ang buwis sa pagbebenta).



- Itabi ang iyong mga rekord ng negosyo sa loob ng limang taon kung sakaling mapili ang iyong negosyo para sa pag-audit.

Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho (Employment Security Department, ESD)

- Kompletuhin ang [Form ng Pagbabago ng Negosyo](#) at tiyaking na-update ng ESD ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iyo.
- Kompletuhin ang iyong panghuling [Ulat Kada Quarter](#) sa loob ng 10 araw pagkatapos isara ang iyong negosyo.
- Maingat na suriin ang at tumugon sa mga abiso na magmumula sa ESD kung mag-a-apply ang sinuman sa iyong dating mga empleyado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.
- Kompletuhin ang iyong panghuling [ulat kada quarter](#) sa Bayad na Pampamilya at Medikal na Pagliban.

Departamento ng Paggawa at Mga Industriya (Department of Labor and Industries, L&I)

- Kompletuhin ang iyong panghuling [Ulat Kada Quarter](#).
- Kung kontratista, magpadala ng nakasulat na abiso sa Dibisyon sa Pagpaparehistro ng Kontratista ng L&I:
Email: contreg@lni.wa.gov
Fax: 360-902-5812
Mail: Department of Labor & Industries
PO Box 44450
Olympia, WA 98504-4450
- Dapat manatiling may bisa ang iyong bond ng kontratista sa loob ng dalawang taon pagkalipas ng petsa ng pag-expire ng rehistro ng kontratista (na kadalasang mas huli kaysa sa petsa ng pagsasara ng negosyo).

Kalihim ng Estado

- Korporasyon
 - Kompletuhin at isumite ang form ng [Aplikasyon sa Sertipiko ng Clearance sa Kita](#) ng DOR para maberipika na naihan na ang lahat ng pagbabayad sa buwis sa excise at nabayaran na ang mga buwis.
 - Kompletuhin at isumite ang [Mga Artikulo ng Pagbubuwag](#), o para sa isang dayuhang (hindi sa Washington) na korporasyon, [Pahayag ng Pag-withdraw](#), nang kalakip ang Sertipiko ng Clearance sa Kita na natanggap mula sa DOR. Available online ang lahat ng paghahain ng pagbubuwag at pag-withdraw.



- Kompanyang May Limitadong Pananagutan (o iba pang organisasyong may limitadong pananagutan)
 - Hindi kinakailangan ang aplikasyong ito kung LLC, PLLC, LP o LLP ng Estado ng Washington ang iyong negosyo. Kinakailangan ang aplikasyong ito kung dayuhang LLC, LP o LLP, ang iyong negosyo. Kung hindi nakarehistro ang iyong kompanya sa Kalihim ng Estado, hindi kinakailangan ang Sertipiko ng Clearance sa Kita.
 - Kumompleto at magsumite ng [Sertipiko ng Pagbubuwag](#), para sa dayuhang (hindi sa Washington) LLC, [Pahayag ng Pag-withdraw](#). Available online ang lahat ng paghahain ng pagbubuwag at pag-withdraw.

Mga Negosyong Sertipikado ng Estado

- [Tanggapan ng Mga Kalakalan sa Negosyo ng Minorya at Kababaihan](#) (OMWBE)
 - Kung sertipikado ka sa OMWBE bilang negosyong pagmamay-ari ng babae o pagmamay-ari ng minorya, makipag-ugnayan sa aming tanggapan para alisin ang iyong kompanya sa [direktoryo](#) ng sertipikadong firm. Tawagan ang aming walang bayad na numero sa (866) 208-1064.
- [Departamento ng Kapakanan ng Beterano](#)
 - Kung sertipikado ka bilang negosyong pagmamay-ari ng beterano, makipag-ugnayan sa aming tanggapan para alisin ang iyong kompanya sa sertipikadong listahan ng negosyo. Tawagan ang aming walang bayad na numero sa (800) 562-0132 at pindutin ang 1 para sa tulong.

Lupon sa Alak at Cannabis

- Kung nagbebenta ng alak, mga produkto ng vapor, produktong tabako, o cannabis ang negosyong isinasara mo, makipag-ugnayan sa iyong opisyal ng tagapagpatupad sa pamamagitan ng aming website <http://lcb.wa.gov/enforcement/contact-your-officer> o tumawag sa serbisyo sa customer ng Tagapagpatupad sa (360) 664-9878. Para sa mga tanong sa aplikasyon sa paglilisensya, mangyaring tumawag sa (360) 664-1600.

Departamento ng Kalusugan



- Kung nasa propesyong lisensyado sa pamamagitan ng Departamento ng Kalusugan ang iyong negosyo, [abisuhan ang Departamento](#) na magsasara na ang iyong negosyo.

Departamento ng Paglilisensya

- Kung nasa propesyong lisensyado sa pamamagitan ng Departamento ng Paglilisensya ang iyong negosyo, [abisuhan ang Departamento](#) na magsasara na ang iyong negosyo.

Lokal

Abisuhan ang [mga lungsod o bayan](#) at [county](#) kung saan ka nagnenegosyo.

Kompletuhin ang mga panghuling pagbabayad ng buwis (Negosyo at Trabaho para sa mga lungsod; buwis sa ari-arian para sa mga county).

3. Abisuhan ang ibang interesadong partido

Abisuhan ang mga empleyado, nagpapautang, insurer, tindero, provider ng serbisyo, landlord, customer, at iba pang interesadong partido tungkol sa iyong layunin na isara ang negosyo. Kung may perang dapat bayaran sa kanila, bayaran ito o magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano at kailan ka magbabayad.

Kinakailangan ng mga korporasyon at LLC sa mga pinagkakautangan na ipaalam na bubuwagin (o mabubuwag) ang kompanya, magbigay ng mailing address para sa pagpapadala ng mga claim, at magbigay ng deadline para sa pagsusumite ng mga claim. Kabilang sa abiso sa mga pinagkakautangan ang kinakailangang nailathalang abiso ng pagbubuwag na humihiling na pangasiwaan ang mga claim laban sa nabuwag na negosyo sa isang partikular na paraan gaya ng ibinigay o inilarawan sa [RCW 23B.14](#). Maaaring may ibang hanay ng mga kinakailangan ang LLC sa [Artikulo VIII RCW 25.15](#)

Pangangalaga sa iyong mga empleyado

Kwalipikado ang mga employer at empleyadong nawalan ng insurance sa kalusugan na ini-sponsor ng employer para sa espesyal na panahon ng pagpapatala para magpatala sa isang indibidwal na plano sa [Washington Healthplanfinder](#). Depende sa kanilang kita at laki ng sambahayan, maaaring maging kwalipikado ang mga empleyadong humiwalay sa kanilang mga pinagtatrabahuhan para sa pinababang buwanang mga premium o mababang gastos/libreng coverage sa pamamagitan ng Washington Apple



Health (Medicaid). Dapat mag-ulat ang mga indibidwal ng pagkawala ng coverage at magpatala sa isang bagong plano sa [Washington Healthplanfinder](#) sa loob ng 60 araw mula sa pagkawala ng coverage na ini-sponsor ng employer.

Para sa mga tanong sa mga opsyon sa coverage, makipag-ugnayan sa smallbusiness@wahbexchange.org

4. Pagsara ng negosyo dahil sa kamatayan

Ipaalam sa mga sumusunod na ahensya ng estado kung isasara mo na ang negosyo dahil sa kamatayan. Hindi ililista sa seksyong ito lahat ng ahensya. Kung hindi nakalista ang ahensya, wala silang espesyal na proseso na susundin ng negosyo kapag nagsasara dahil sa kamatayan.

Lupon sa Alak at Cannabis (Liquor and Cannabis Board, LCB):

[WAC 314-07-100](#) na nauukol sa Kamatayan para sa [WSLCB](#).

Kamatayan o kawalan ng kakayahan ng licensee.

- (1) Dapat ipaalam ng hinirang na tagapangalaga, tagapagpatupad, tagapangasiwa, tagatanggap, katiwala, o itinalaga ang dibisyon ng paglilisensya at regulasyon ng lupon kung sakaling mamatay, mawalan ng kakayahan, sumailalim sa receivership, mabangkarote, o maitalaga para sa benepisyo ng mga pinagkakautangan ang sinumang licensee.
- (2) Sa ilalim ng pagsusuri sa background ng pagiging kriminal, maaaring bigyan ng lupon ang hinirang na tagapangalaga, tagapagpatupad, tagapangasiwa, tagatanggap, katiwala, o itinalaga ng nakasulat na pag-apruba para ipagpatuloy ang pagbebenta ng alak sa lisensyadong lugar ng negosyo para sa tagal ng kasalukuyang lisensya at para i-renew ang lisensya kapag mag-e-expire ito.
- (3) Kapag nalutas ng hukuman ang usapin, dapat mag-apply para sa lisensya sa alak ang tunay na (mga) partido ng interes para sa negosyo.

[RCW 66.24.025 para sa paglilipat ng lisensya na maaaring sanhi ng kamatayan.](#)

Paglipat ng lisensya — Bayad — Eksepsyon — Mga pagbabago sa korporasyon, pag-apruba — Bayad.

- (1) Kung maaprubahan ng lupon, maaari lang ilipat ang lisensya nang walang bayad sa nabubuhay na asawa ng namatay na licensee kung nagpapanatili ang mga



partido ng komunidad ng mag-asawa at ibinigay ang lisensya sa mga pangalan ng isa o parehong partido. Para sa layunin ng pagsasaalang-alang sa mga kwalipikasyon ng nabubuhay na partido o mga partido para makatanggap ng lisensya sa alak, maaaring mangailangan ang *lupon sa pagkontrol ng alak ng pagsusuri ng impormasyon sa rekord ng kasaysayan ng pagiging kriminal. Maaaring isumite ng lupon ang pagsusuri ng impormasyon sa rekord ng kasaysayan ng pagiging kriminal sa Patrol ng Estado ng Washington at sa dibisyon ng pagkakakilanlan ng Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon para makahanap ang mga ahensyang ito sa kanilang mga rekord ng mga dating pagaresto at pagkakahatol sa indibidwal o mga indibidwal na sumagot ng mga form. Mangangailangan ang lupon ng fingerprint ng sinumang aplikanteng isinumite ang sinuring impormasyon sa rekord ng kasaysayan ng pagiging kriminal sa Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon.

- (2) Dapat iulat sa lupon ang iminungkahing pagbebenta ng higit sa 10% ng natitira at/o inisyung stock ng lisensyadong korporasyon o anumang iminungkahing pagbabago sa mga opisyal ng lisensyadong korporasyon at dapat makuha ang pag-apruba ng lupon bago gawin ang mga naturang pagbabago. Maniningil ng \$75 na bayad para sa pagproseso ng naturang pagbabago ng pagmamay-ari ng stock at/o mga opisyal ng korporasyon.

***Tala ng reviser:** Ang "lupon sa pagkontrol ng alak ng estado" ay pinalitan ng pangalan para maging "lupon sa alak at cannabis ng estado" alinsunod sa [2015 c 70 § 3](#)

Departamento ng Kita (Department of Revenue, DOR) – Mga Buwis sa Mga Serbisyo sa Paglilisensya ng Negosyo (Business Licensing Services, BLS):

Kailangang maabisuhan ang DOR, depende sa aktibidad ng negosyo, estruktura ng pagmamay-ari, atbp. Para sa mga partikular na tanong tungkol dito, mangyaring makipag-ugnayan sa – [Serbisyo sa Paglilisensya ng Negosyo](#) ng DOR sa 360-705-6741 o –

[Mga Serbisyo sa Nagbabayad ng Buwis](#) ng DOR sa 360-705-6705.

Departamento ng Paggawa at Mga Industriya (Department of Labor and Industries, L&I):

Kung may bukas na account sa [kabayaran ng mga manggagawa](#) ang negosyo, kinakailangan ang isang nakasulat na abiso ng pagbabago. Kung rehistradong



kontratista ang negosyo, kinakailangan ang kopya ng sertipiko ng kamatayan para alisin ang isang miyembro/manager ng LLC, opisyal ng korporasyon, o kasosyo sa pagpaparehistro. Kung sakaling pakikipagsosyo ang negosyo ng kontratista, dapat muling irehistro ang negosyo.

Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho (Employment Security Department, ESD):

Kung isasara mo ang negosyo dahil sa kamatayan, mangyaring magsumite ng [Form ng Pagbabago sa Negosyo para isara ang negosyo](#). Maaari kang magbigay ng kopya ng sertipiko ng kamatayan para walang sinuman ang susubok na makipag-ugnayan sa iyo, ngunit hindi ito kinakailangan.

Kung may namatay na kasosyo sa negosyo at nagpasya kang magpatuloy sa negosyong mayroong maraming kasosyo sa negosyo sa isang pakikipagsosyo o LLC, sundin prosesong tulad ng isa sa itaas, na may [5208C-2 Update Ownership Form \(5208C-2 Form ng Pag-update sa Pagmamay-ari\)](#) para ma-update ang account.

Walang kinakailangan mula sa ESD para sa abiso (pagpapadala ng sertipiko ng kamatayan, atbp.).

Kalihim ng Estado

Walang kinakailangang abiso ng kamatayan. Gayunpaman, kung ibinenta o ipinagpatuloy ng iba ang negosyo, maaring mangailangan ng [taunang ulat o binagong taunang ulat](#) para i-update ang listahan ng mga nangangasiwa sa entidad. Available online ang parehong taunan at binagong ulat sa www.sos.wa.gov/corps.

Departamento ng Paglilisensya (Department of Licensing, DOL)

Depende sa mga uri ng lisensyang ipinagkaloob sa negosyo, ang abiso ng pagsasara dahil sa kamatayan ay maaaring kasing simple ng abiso ng programa/ahensya ng pangangasiwa o maaaring mas iutos, nang may mga partikular na tagubilin na dapat sundin.

Karaniwang Abiso- Kopya ng Sertipiko ng Kamatayan

Kung may alinman sa mga sumusunod na uri ng lisensya ang nagsasara ng negosyo, inaasahan lang ng programang nangangasiwa na maabisuhan ng pagsasara dahil sa kamatayan:

- Cosmetology, Tattoo (Maliban sa [Postsecondary na Paaralan sa Cosmetology](#))



Contact ng Programa:

Email: plssunit@dol.wa.gov

Telepono: (360) 664-6626 / Fax: (360) 664-2550

- Auctioneer at Kompanya sa Pag-auction

Contact ng Programa:

Email: plssunit@dol.wa.gov

Telepono: (360) 664-6626 / Fax: (360) 664-2550

•

•

- Mga Isport sa Pakikipaglaban

Contact ng Programa:

Email: plssunit@dol.wa.gov

Telepono: (360) 664-6644 / Fax: (360) 570-4956

- Kompanya ng Security Guard

Contact ng Programa:

Email: security@dol.wa.gov

Telepono: (360) 664-6611

- Ahensya ng Pribadong Imbestigador

Contact ng Programa:

Email: security@dol.wa.gov

Telepono: (360) 664-6611

Detalyadong Abiso

Kung may alinman sa mga sumusunod na uri ng lisensya ang nagsasaring negosyo, dapat sundin ang mga partikular na tagubilin para maayos na maisara ang negosyo: *(Pakisuri at sundin ang mga tagubilin para sa bawat naaangkop na uri ng lisensya)*

- Dealer ng Sasakyan

Contact ng Programa:

Email: dealers@dol.wa.gov

Telepono: (360) 664-6466

Mga Tagubilin:

Maaaring isara ang negosyo sa pamamagitan ng nakasulat at na-fax o na-email na kahilingan.

- Kung mag-e-expire ang lisensya nang higit sa 60 araw mula sa pagsasara ng negosyo, ibabalik ng dealership ang lisensya at lahat ng espesyal na plaka sa departamento sa loob ng 10 araw mula sa pagtatapos. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng mail o pakikipag-ugnayan sa imbestigador ng dealer para kunin ito.
- Kung ipinadala ang lisensya sa pamamagitan ng mail, dapat itong samahan ng nilagdaang pahayag mula sa licensee na boluntaryo itong isinusuko. Dapat lumagda ang dealer o awtorisadong kinatawan sa lisensya man o sa hiwalay na papel na nagpapahiwatig ng boluntaryong pagsuko ng lisensya.

Sa kaso ng pagkamatay ng prinsipal o may-ari ng negosyo:

- Dapat mag-apply ang personal na kinatawan ng dealer para sa bagong aplikasyon at mga bayarin sa lisensya para sa awtorisasyong “patigilin ang negosyo” at isara ito sa loob ng anim na buwan.
- Kung magpapatuloy ang personal na kinatawan ng LLC/Korporasyon, maaaring talikuran ng kinatawan ang aplikasyon ngunit dapat siyang magsumite ng mga fingerprint card at form ng pahayag sa personal/kriminal na kasaysayan.
- Sa halip na kunin ng kinatawan ang negosyo, maaari niyang piliing ihatid ang imbentaryo sa ibang dealer. Kung ito ang kaso, mayroon siyang 30 araw para gawin ito.
- Magtatalaga ang programa ng tao para tumulong sa mga prosesong ito.

Kung nawalan ng kakayahang gumalaw ang isang may-ari, bilang karagdagan sa nasa itaas, kakailanganin namin ng pahayag ng legal na awtorisasyon kung may taong kumikilos sa ngalan ng dealer.

- Rehistradong Operator ng Tow Truck/ Mga Dealer/ Carrier ng Limousine/ Mga Tagapaghatid ng Sasakyan/ Taxi/Mga Pang-arkilang Sasakyan/ Dealer ng Snowmobile



Contact ng Programa:

Email: dealers@dol.wa.gov
 Telepono: (360) 664-1389

Mga Tagubilin:

Dapat ipadala o ihatid ang lisensya at mga espesyal na plaka sa departamento, o maaaring makipag-ugnayan sa imbestigador ng dealer para kunin ang lisensya sa loob ng 10 araw mula sa pagtatapos ng negosyo.

- Mga Hulk na Panghakot ng Sasakyan/Tagaproseso ng Scrap

Contact ng Programa:

Email: dealers@dol.wa.gov
 Telepono: (360) 664-6466

Mga Tagubilin:

Dapat ipadala o ihatid ang lisensya at mga espesyal na plaka sa departamento, o maaaring makipag-ugnayan sa imbestigador ng dealer para kunin ang lisensya sa loob ng 10 araw mula sa pagtatapos ng negosyo.

[WAC 308-65-160](#)

- Mga Wrecker ng Sasakyan

Contact ng Programa:

Email: dealers@dol.wa.gov
 Telepono: (360) 664-6466

Mga Tagubilin:

Dapat ibalik ng wrecker ang lisensya at mga espesyal na plaka sa departamento sa loob ng 10 araw mula sa pagtatapos ng negosyo.

[WAC 308-63-130](#)

- Mga Tagaproseso, Supplier, Taga-recycle ng Scrap Metal

Contact ng Programa:

Email: scrapmetal@dol.wa.gov
 Telepono: (360) 664-6611

Mga Tagubilin:

Dapat ibalik ng negosyo sa scrap metal ang lisensya at mga espesyal na plaka sa departamento sa loob ng 10 araw mula sa pagtatapos ng negosyo.

[WAC 308-70-220](#)

- Mga Dealer ng Barko (Bangka)

Contact ng Programa:

Email: dealers@dol.wa.gov
 Telepono: (360) 664-6466

Mga Tagubilin:

Isumite sa departamento ang (dapat nakasaad sa sobre ang "Attn: Dealer Services Program"):

1. Abiso na magsasara na ang negosyo
2. Ang rehistro ng dealer ng barko na ibinigay ng departamento.

- Manufactured na Bahay/Dealer ng Trailer sa Pagbibiyahang Tagagawa ng Sasakyan/Mga Wholesaler/ Miscellaneous

Contact ng Programa:

Email: dealers@dol.wa.gov
 Telepono: (360) 664-6466

Mga Tagubilin:

Dapat ipadala o ihatid ang lisensya at mga espesyal na plaka sa departamento, o maaaring makipag-ugnayan sa imbestigador ng dealer para kunin ang lisensya sa loob ng 10 araw mula sa pagtatapos ng negosyo.



- Kompanya sa Pamamahala ng Pagtatasa

Contact ng Programa:

Email: dolbpdamc@dol.wa.gov
Telepono: (360) 664-6504

Mga Tagubilin:

Kompletuhin at ipadala sa departamento ang form ng Affidavit ng Itinalagang Kumokontrol na Taong Nagsasara ng Kompanya.

- Postsecondary na Paaralan sa Cosmetology

Contact ng Programa:

Email: plssunit@dol.wa.gov
Telepono: (360) 664-6651

Mga Tagubilin:

Ipadala sa departamento ang:

1. Kung saan itatago ang mga rekord para sa kinakailangang 3 taon
2. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bawat nakatalang mag-aaral (address, telepono, email)
3. Patunay na binibigyan ang mga mag-aaral ng refund para sa anumang natitirang matrikulang dapat bayaran
4. Patunay na winakasan na ang oras ng mag-aaral sa online na sistema ng pag-uulat
5. Mga kopya ng lahat ng panghuling buwanang ulat ng mag-aaral
6. Dokumentasyon kung sinong mga mag-aaral ang may utang pa sa matrikula ng paaralan para sa mga oras na nakuha na
7. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan tungkol sa kinatawan ng paaralan
8. Impormasyon sa bond

- Paaralan sa Pagsasanay ng Driver

Contact ng Programa:

Email: tse@dol.wa.gov
Telepono: (360) 664-6692

Mga Tagubilin:

1. Kompletuhin at isumite ang Ulat sa Pagsasara ng DTS na makikita sa <http://www.dol.wa.gov/forms/661017.pdf>
2. Ilagay ang lahat ng nakompletong kurso sa portal ng Secure na Access sa Washington (Secure Access Washington, SAW).
3. Ibalik ang lisensya ng paaralan at mga kopya ng lisensya ng tagaturo sa programa ng DTS ng departamento
4. Magbigay sa departamento ng listahan ng sinumang mag-aaral na hindi nakatapos ng iyong kurso
5. Bigyan ang departamento ng rekord ng mag-aaral para sa sinumang mag-aaral na hindi nakatapos ng kurso
6. Kung magsasara ng lokasyon ng pagsusulit:
 - i-verify na nailagay ang lahat ng marka sa pagsusulit sa portal ng SAW
 - i-verify at kumpirmahin na sinira ang lahat ng hindi nagamit na kopya ng mga form ng pagsusulit sa kaalaman at kasanayan



- Mga Ahensya ng Bail Bond

Contact ng Programa:

Email: security@dol.wa.gov
Telepono: (360) 664-6611

Mga Tagubilin:

1. Patuloy na obligado ang negosyo sa lahat ng hindi pa nababayaranang bond hanggang sa makatanggap ang direktor ng abiso mula sa hurisdiksyon kung saan matatagpuan ang mga tanggapan ng ahensya/sangay na pinawalang-sala ang lahat ng bond.
2. Walang natanggap na reklamo ang departamento ng paglilisensya mula sa indemnitor tungkol sa pagbabalik ng collateral.
3. Maaaring mangailangan ang direktor ng pag-audit ng nagsasarang ahensya anumang oras pagkaabiso ng pagsasara ng ahensya.

- Negosyo sa Scrap Metal

Contact ng Programa:

Email: scrapmetal@dol.wa.gov
Telepono: (360) 664-6611

Mga Tagubilin:

Dapat ibalik ng negosyo sa scrap metal ang lisensya at mga espesyal na plaka ng lisensya sa departamento para sa pagkansela sa loob ng sampung araw ng negosyo pagkatapos ng pagsasara ng negosyo.

Establisyemento ng Punerarya

Contact ng Programa:

Email: funerals@dol.wa.gov
Telepono: (360) 664-1555

Mga Tagubilin:

1. Pangasiwaan ang nakasaayos nang mga kontrata ng serbisyo sa paglilibing alinsunod sa [RCW 18.39.250\(8\)](#).
2. Bigyang-kaalaman ang departamento.

5. Kailangan ng tulong?

Matutulungan ka ng [Mga Liaison ng Maliit na Negosyo](#) ng Estado ng Washington na makuha ang impormasyon at mga mapagkukunang kailangan mo. Tulungan din kaming mas mapabuti ang Gabay sa Maliit na Negosyo sa pamamagitan ng pagsagot ng maikli at kumpidensyal na [survey](#).

